Вітаємо Mabuhay 歡迎

Benvenuti Karibu

Bienvenidos Tawaw

EDMONTON CATHOLIC SCHOOLS

Bienvenue Witamy

Добропожаловатъ Dobrodošli

مرحب بكم Chào Mùng

# Isang Patnubay Para Sa Mga Baguhang Mag-Aaral Sa Elementarya Ng Edmonton Catholic Schools

*Mga Impormasyon at Mungkahi para sa Ikauunlad ng iyong Anak sa Paaralan*



**Filipino/Tagalog Version**

Edmonton Catholic Schools
ONE WORLD...ONE CENTRE!

# Mga Nilalaman

**Panimula** ........................................................ 1
**Paghahanda Para sa Pagpasok**
*Ang Mga Sistema ng Mababang Paaralan sa Alberta* ........................ 2
*Papaano Naiiba ang Mga Paarralang Katoliko ng Edmonton*.................. 2
*Serbisyong Pangkultura/Mga Manggagawang Tagapag-ugnay* .................. 3
*Pagpapatala sa Paaralan*................................................ 4
*Pagtanggap sa mga Pamilyang nasa ESL/Protokol sa Pagkuha Ng Impormasyon*.... 5
**Pagtulong sa Inyong Anak sa Pakikiakma sa isang Bagong Paaralan**
*Pagtulong sa Inyong Anak sa Pakikipag-kaibigan* ......................... 6
*Pagtalakay sa Pagkabagabag* ............................................ 7
**Pagtuturo at Pag-aaral sa mga Silid Aralan sa Paaralang Katoliko ng Edmonton**
*Papaano Tinuturuan ang mga Bata* ....................................... 8
*Pinagsamang Grado* ..................................................... 9
*Mga Aklat at Materyales sa Pag-aaral*................................... 9
*Ang Pagpasok ay Sapilitan* .............................................. 9
**Ano ang Natututuhan ng mga Estudyante**
*Ang Kurikulum ng Alberta*............................................... 10
*Ingles bilang Karagdagang Wika (EAL)*................................... 11
*Mga Antas sa Pag-aaral ng Ingles*....................................... 11
*Edukasyong Pang-Relihiyon sa mga Paaralang Katoliko ng Edmonton* ........ 13
*Pagsasama ng Pananampalataya sa lahat ng mga Asignatura*................. 13
*Paghahanda Para sa mga Sakramento* ..................................... 13
*Mga Programa sa Wika*
*a) Imersyon sa wikang Pranse*............................................ 14
*b) Pranse bilang Karagdagang Wika* ....................................... 14
*c) Mga Programa sa Wika at Kultura*....................................... 14
*d) Mga Programang Gumagamit ng Dalawang Wika* ............................. 14
*Mga Programa sa Espesyal na Edukasyon – Isinamang Pag-aaral* ............ 15
*Mga Paaralang May mga Pokus at Programang Panghalili* ................... 16
*Mga Programa sa Maagang Pag-aaral* ..................................... 16
**Pag-uugali ng Estudyante**
*Kodigo sa Pag-uugali* .................................................. 17
*Tungkulin ng mga Magulang sa Pagharap sa mga Problema sa Pag-uugali* ..... 18
*Mga Sapilitang Konsekwensya*............................................ 18
*Pag-uugali na Maaaring Humantong sa Pagkakasuspinde o*
*Pagpapatalsik at Pakikialam ng Pulis* ................................... 18
**Ang Report Kard**
*Pag-unawa sa Report Kard* .............................................. 19
*Mga Libel ng mga Nagawa*............................................... 19
*Papaano Tinatantya ng mga Guro ang Libel ng mga Nagawa ng Inyong Anak* .. 20

*Papaano Tinataya ang mga ginawa ng Mga Mag-aaral ng Ingles sa Report Kard* ............ 20
**Mga Patakaran sa Paaralan**
*Paglalagay sa Grado Ayon sa Edad* ............ 21
*Pag-uulat ng Posibleng Hudyat ng Pinsala sa mga Bata* ............ 21
**Mga Pamamaraan sa Paaralan**
*Pagliban sa Eskwela* ............ 22
*Numero ng Estudyante sa Alberta* ............ 22
*Taluhiyang at Mga Problema sa Kalusugan* ............ 22
*Mga Hangganan sa Pasukan* ............ 22
*Patakaran sa Malamig na Panahon* ............ 22
*Pananamit sa Pagpasok* ............ 23
*Mga Pagbibiyahe sa Labas ng Paaralan* ............ 23
*Mga Pakikiusap sa Paglagap ng Pondo* ............ 23
*Kung ang Inyong Anak ay Magkasakit sa Paaralan* ............ 23
*Pagpapabakuna* ............ 23
*Pagpapanatiling tama ng mga Impormasyon tungkol sa Kontak* ............ 24
*Pananghalian* ............ 24
*Mga Paaralang libre sa Nuts* ............ 24
*Bus na Pambiyahe ng Paaralan* ............ 25
*Pamamahala sa mga Estudyante sa Bakuran ng Paaralan* ............ 25
*Paningin at Pandinig* ............ 26
**Pakikisangkot ng Magulang at Mabuting Komunikasyon sa Guro**
*Ang Pakikisangkot ninyo ay Tumutulong sa Pagtatagumpay Ng Inyong Anak* ............ 26
*Pagkikipag-usap sa Guro* ............ 26
*Pag-kontak sa Guro* ............ 26
*Pagiging Kompidensyal* ............ 27
*Komunikasyon ng Paaralan sa mga Magulang* ............ 27
*Gabi ng Pakikipag-kita sa Guro* ............ 27
*Gawaing Bahay* ............ 28
*Paglutas sa Mga Problema* ............ 29
**Mga Panayam ng Magulang at Guro**
*Ano ang Nangyayari sa Panayam ng Magulang at Guro* ............ 30
*Pagpapakita ng mga Natutuhan* ............ 30
*Pagpapakita sa Paaralan (Open House)* ............ 31
**Pakikisangkot sa Paaralan ng Inyong Anak**
*Pagbobolontir* ............ 32
*Mga Pagpupulong at mga Pagdiriwang sa Paaralan* ............ 32
*Konseho ng Paaralan* ............ 32
**Mga Panlalawigang Pagsusulit sa mga Nagawa** ............ 33
**Paghahanda Para sa Mataas na Paaralan ng mga Dyunyor** ............ 34
**Mga Makakatulong na Ugnayan** ............ 35

# ECSD SCHOOL CALENDAR 2024-2025

### JULY 2024

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 |
| 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 |
| 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 |
| 28 | 29 | 30 | 31 | | | |

### AUGUST 2024

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | 1 | 2 | 3 |
| 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 |
| 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 |
| 25 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | 31 |

### SEPTEMBER 2024

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 |
| 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 |
| 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 |
| 29 | 30 | | | | | |

### OCTOBER 2024

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 |
| 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 |
| 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 |
| 27 | 28 | 29 | 30 | 31 | | |

### NOVEMBER 2024

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | 1 | 2 |
| 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 |
| 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 |
| 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 |

### DECEMBER 2024

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 |
| 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 |
| 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 |
| 29 | 30 | 31 | | | | |

### JANUARY 2025

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | 1 | 2 | 3 | 4 |
| 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 |
| 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 |
| 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 |
| 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | 31 | |

### FEBRUARY 2025

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | 1 |
| 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 |
| 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 |
| 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 |
| 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | |

### MARCH 2025

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | 1 |
| 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 |
| 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 |
| 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 |
| 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 |
| 30 | 31 | | | | | |

### APRIL 2025

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 |
| 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 |
| 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 |
| 27 | 28 | 29 | 30 | | | |

### MAY 2025

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | 1 | 2 | 3 |
| 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 |
| 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 |
| 25 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | 31 |

### JUNE 2025

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 |
| 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 |
| 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 |
| 29 | 30 | | | | | |

First Day of Operation
**August 29, 2024**
First Day of Instruction
**September 3, 2024**
Last Day of Instruction
**June 25, 2025**
Last Day of Operation
**June 26, 2025**

| | |
|---|---|
| Labour Day | Sept 2 |
| Truth & Reconciliation Day | Sept 30 |
| Thanksgiving Day | Oct 14 |
| Remembrance Day Wknd/Fall Brk | Nov 8-12 |
| Christmas Vacation | Dec 23-Jan 3 |
| Family Day | Feb 17 |
| Faith Development Day/PD | Feb 26 |
| Teachers' Convention | Feb 27-28 |
| Spring Break | Mar 24-28 |
| Good Friday | Apr 18 |
| Easter Monday | Apr 21 |
| Victoria Day Weekend | May 17-20 |

| MONTH | Operational Days | Instructional Days |
|---|---|---|
| August | 2 | 0 |
| September | 19 | 19 |
| October | 22 | 22 |
| November | 18 | 18 |
| December | 15 | 15 |
| January | 20 | 20 |
| February | 19 | 16 |
| March | 16 | 16 |
| April | 20 | 20 |
| May | 20 | 20 |
| June | 19 | 18 |
| Total | 190 | 184 |

- Non-instructional day
- Non-operational day
- Cancellation of early dismissal
- Early dismissal
- Statutory Holiday - Office/School Closed
- Named Holiday - Office/School Closed

## Panimula

*"Bringing Catholic Education to Life"*

***Edmonton Catholic Schools provides a Catholic education that inspires students to learn and that prepares them to live fully and to serve God in one another.***

***Alberta Education - ESL Guide to Implementation1996 (Elementary)***



Ang patnubay na ito ay nagbibigay ng impormasyon at mga mungkahi na makakatulong sa inyo para magkaroon ng magandang komunikasyon sa guro ng inyong anak. Ang magandang komunikasyon ay tumutulong sa guro para madaling makilala ang inyong anak at para maintindihan din ninyo kung ano ang nangyayari sa paaralan. Gagawin nitong lalong napakadali ang pakikiakma sa naiibang sistema ng paaralan. Ang inyong pakikipag-ugnay ay makakatulong sa inyong anak para siya ay maging matagumpay na mag-aaral. Sangguniin ang patnubay na ito habang ang inyong anak ay patuloy na nag-aaral sa mababang paaralan. Gamitin ang talatuntunan para piliin ang mga bahaging inyong kailangan.



Ang patnubay na ito ay nasasalin sa siyam (9) na wika: Amharic, Croatian, Ingles, Filipino/Tagalog, Russian, Serbian, Espanyol, Tigrinya, at Ukrainian. Maaari pa rin itong isalin sa iba pang mga wika kung kinakailangan at kung may sapat na pondo.

Sa patnubay na ito, ang salitang "magulang" ay sumasaklaw sa mga tagapatnubay, tagapag-alaga at iba pang mambo ng pamilya.

# Paghahanda sa Pagpasok

## Ang Mga Sistema ng Mababang Paaralan sa Alberta

Ang pagpili ay isa sa mahalagang prinsipyo sa sistema ng edukasyon sa Alberta. Pagdating sa pagpili ng paaralan, ang mga magulang at estudyante ay maaaring mamili mula sa napakalawak na hanay ng mga pinondohang pampublikong mga opsyon tulad ng mga paaralang Publiko, Katoliko, mga paaralan para sa mga nagsasalita ng Pranse at mga paaralang tsarter. Sa bawa't isang sistema, ang mga konseho ng paaralan ang namamahala ng mga ito.

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa edukasyon sa Alberta, tingnan: **Choosing a School in Alberta** o **Education Options.**

### Papaano Naiiba ang mga Paaralang Katoliko ng Edmonton



Ang mga Paaralang Katoliko ng Edmonton ay nagbibigay ng mga buod na programa katulad ng ibinibigay ng mga paaralang Publiko. Subalit ang mga Paaralang Katoliko ng Edmonton ay naiiba sa ilang mga paraan:

- Lahat ng asignatura ay itinuturo mula sa Katolikong pananaw at ang mga pagpapahalagang Katoliko ay bahagi ng lahat ng natututuhan ng mga estudyante.
- Lahat ng mga estudyante ay nag-aaral ng Relihiyon bilang isang buod na asignatura sa bawat taon ng pag-aaral.
- Ang mga estudyante ay lumalahok sa pang-araw-araw na pagdarasal, pagmumuni-muni at iba pang mga gawaing humuhubog sa kanilang Katolikong paniniwala.
- Sa mga paaralang Katoliko, natututuhan ng mga estudyante ang mga kasanayan at dunong na nagpapaunlad ng pagkakapantay-pantay, demokrasya at pagkakaisa para sa isang makatarungan, matahimik at maawaing lipunan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa edukasyon sa mga Paaralang Katoliko ng Edmonton, tingnan: www.ecsd.net.



***Sa mga Paaralang Katoliko ng Edmonton, itinuturing namin ang bawat isang bata bilang isang mahalaga at natatanging miyembro ng pamilya ng Diyos.***

## Pagtanggap sa mga Pamilyang ELL/Protokol sa Pagkuha ng Impormasyon



Ang pagpapatala at pagkuha ng mga impormasyon mula sa mga baguhang mag- aaral sa Edmonton Catholic School Division ay ginagawa ngayong sa One World…One Centre. Sa oras ng pagpaparehistro, lahat ng mga baguhang estudyante na ang unang wika ay hindi Ingles ay tatasahin para matiyak ang kakayahan at libel ng suporta para sa pagproprograma sa EAL. Kasabay nito, tutulungan ang pamilya sa pagkukumpleto ng mga dokumento sa pagtanggap at magbibigay ng mga impormasyon tungkol sa iba't-ibang uri ng mga mapagkukunan at mga suporta na maaaring makuha ng mga baguhang estudyante at kanilang mga pamilya.

Tutulungan kayo ng mga Manggagawang Pangkultura na magpuno at lumagda sa mga pormularyong pampaaralan, tulad ng:

- Pormularyo ng Permiso para sa Pagtatasa sa Ingles bilang Karagdagang Wika (EAL)
- Pormularyo sa Pagkuha ng Impormasyon tungkol sa Estudyante ay ibinabase sa koleksyon ng mga impormasyon at nakaraang edukasyon ng inyong anak. Lahat ng mga impormasyong nakolekta ay tutulong sa guro na pagplanuhan ang nararapat na magiging resulta ng pag-aaral para sa inyong anak.
- **Responsableng Paggamit ng mga Mapagkukunan ng Impormasyon**

  Ang dokumentong ito ay naglalarawan ng mga responsibilidad ng inyong anak na may kaugnayan sa paggamit ng mga kompyuter, internet at email ng Edmonton Catholic Schools.
- **Paggamit at Paglalahad ng mga Impormasyong Pang-sarili**

  Ang dokumentong ito ay naglalarawan kung papaano at kailan maaaring kolektahin at gamitin ng distrito ng paaralan ang mga pansariling impormasyon ng inyong anak.
- **Mga Patnubay sa Pampublikong Website ng Distrito**

  Ang dokumentong ito ay naglalarawan kung kailan at anong mga impormasyong pang-sarili ang maaaring ilagay sa isang website ng Distrito.
- **Pahintulot sa Pakikilahok sa Midya**

  Nangangailangan ang mga paaralan ng pahintulot mula sa magulang bago nila payagan ang mga estudyanteng makilahok sa mga pagtatanghal sa paaralan. Ang pahintulot ay kinakailangan sa dahilang sa mga pagtatanghal na ito, ang mga bagay na maaaring ituring na pribado tulad ng mga ginawa ng mga estudyante o ang mga estudyante mismo ay maaaring litratuhin, i-bidyo o i-rekord ng mga magulang, bisita o midya. Ang mga impormasyong ito ay gagamitin upang ipagdiwang ang mga nakamit ng estudyante at para magbigay ng mga impormasyon tungkol sa pag-aaral sa mga paaralang Katoliko o sa mga ginagawa ng Lupon ng mga Paaralang Katoliko (Catholic School Board). Mangyari lamang na pag-ukulan ito ng oras na basahin at i-tsek ang lahat ng mga seksyon na sinasang-ayunan ninyo. Kung sakaling magbago ang isip ninyo, maaari ninyong alisin ang inyong pahintulot ano mang oras.

- **Pahintulot sa Pakikipag-ugnayan gamit ang Paraang Elektroniko**
  Kinakailangan ng Edmonton Catholic School ang inyong pahintulot na gamitin ang email bilang isang opsyon para maipabatid sa inyo ang mga impormasyong pampaaralan o impormasyon mula sa distrito. Ilan sa mga pahatid na ito ay tungkol sa mga impormasyong naghahandog (offers), mga anunsyo (advertisements) o mga promosyong may kaugnayan sa mga gawaing pampaaralan tulad ng mga taunang aklat (yearbooks), pagbibiyahe sa labas ng paaralan (field trips), mga programa sa pananghalian (lunch programs), mga larawan (photos), o mga magkakaparehong gawaing pampaaralan (similar school related activities). Kung pipiliin ninyong hindi magpahintulot dito, makakatanggap lamang kayo ng mga mensahe tungkol sa pagpasok o mga mensaheng pangkagipitan (emergency messages).

**Kinakailangan ninyong ibigay ang mga sumusunod na impormasyon para maipatala ang inyong anak sa paaralan:**

1. katunayan ng estado ng pagiging imigrante ng estudyante – alin man sa isa:
   - Kard ng Pagiging Permanenteng Residente ng Estudyante o Kumpirmasyon Ng Permanenteng Residente ng isa sa mga Magulang
   - Permiso sa Pagtratrabaho o Pag-aaral ng Magulang at Permiso sa Pag-aaral o Pagbisita ng bata/mga bata (kung mayroon)
   - Dokumento ng Paghiling ng Proteksyon para sa repudyi o Notisya ng Desisyon para sa mga Kumbensyong Repudyi
   - Permiso sa Pag-aaral ng Estudyante




2. sertipiko ng kapanganakan
3. sertipiko ng binyagan, kung ang estudyante ay Katoliko at kung mayroong sertipilko
4. katunayan ng pagiging tagapag-tangkilik – kinakailangan kung ang bata ay wala pang 18 taong gulang at hindi nakatira sa magulang
5. Dokumentong nagpapakita ng tirahan – lisensya sa pagmamaneho, listahan ng pagbabayaran sa tubig o kuryente, kasunduan sa pag-upa sa tirahan o iba pang dokumento na may pangalalan at tirahan ninyo

## Mga Serbisyong Pangkultura



Ang tagumpay sa edukasyon ng mga imigranteng estudyante ay nadadagdagan kung ang koneksyon sa pagitan ng paaralan, pamilya ng estudyante at mga komunidad ay mananatili at mapapatibay. Ginagampanan ng Sentro ng Serbisyong Pangkultura ang napakahalagang tungkulin para mapabilis ito. Ang Sentro ng Serbisyong Pangkultura at ang (Intercultural Liaisons) ay sumasalubong at sumusuporta sa mga Mag-aaral ng Ingles (ELLs) at kanilang pamilya sa Paaralang Katoliko ng Edmonton.



Pitong mga liyeysong pang-kultura, na nasasa ilalim ng direksyon ng Manager ng One World...OneCentre ang nagbibigay ng mga serbisyong pang-suporta dito sa mga ibat-ibang wika: Amharic, Croatian, Filipino/Tagalog, Serbian, Spanish., Russian, Tigrinya, Ukrainian at Vietnamese. Kung angwika ninyong ginagamit ay wala sa listahang nasasa itaas, ipaalam lamang sa guro ng inyong anak at sisiguraduhin ng paaralang mabibigyan kayo ng tagasalin (interpreter) kung kinakailangan. Ang mga kawani ng Serbisyong Pangkultura ay nagbibigay ng kaparehong serbisyo sa mga bagong dating na pamilya sa ECSD na ang wika ay Ingles.

Ang mga kawani ng Serbisyong Pangkultura (Intercultural Services staff) ay hindi lamang mgatagasalin sa wika. Sila rin ay nagpunta sa Canada mula sa iba't-ibang bansa at dahil dito ay mayroon ding pang-sariling kaalaman sa komunidad na kanilang kinabibilangan, sa uri ng pamumuhay na kanilang pinagmulan at sa sistema ng edukasyon sa kanilang pinagmulang bansa. Ang Liyeyson mula sa inyong komunidad ay maaaring makaunawa din ng inyong mga pangangailangan, pangamba at mga bagay na dapat ninyong asahan. Sila ang makapagbibigay sa inyo at sa inyong anak ng napakaraming tulong.

Gagawin ng mga Kawani ng Mga Serbisyong Pangkultura na:

- bigyan kayo ng impormasyon tungkol sa sistema ng paaralan sa Alberta, mga pamamaraan at mga pangyayari sa paaralan, mga bagay na inaasahan ng paaralan, ganon din ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa buhay at kultura ng Canada.
- bigyan ang mga guro at kawani ng paaralan ng mga impormasyon tungkol sa sistema ng edukasyon sa inyong bansa, kultura nito, at mga bagay na inyong maaasahan at inyong mga pangangailangan,
- magbigay sa inyo ng mga serbisyo sa pagsasalin sa wika para sa inyo kung kinakailangan ninyong makipag-ugnayan sa paaralan at iba pang kawani ng paaralan na may kaugnayan sa pag-aaral ng inyong anak sa panahon ng pagpapalista, mga panayam ng guro at magulang, mga pagpapakita sa mga paaralan at iba pang mga pangyayari dito,
- pagsasalin sa wika ng mga dokumento, report kard, rekord ng bakuna, liham, liham na nagbabalita at iba pang mga bagay na hinihingi ng paaralan,
- iugnay kayo sa mga iba't-ibang ahensyang lokal at pang-komunidad na may kinalaman sa paninirahan.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng mga Liyeysong mula sa Iba't-ibang Kultura (Intercultural Liaisons), tawagan lamang ang (780) 441-6060. Kung nahihirapan kayong makipag-usap sa Ingles, mag-iwan lamang ng mensahe sa inyong sariling wika.**

# Pagtulong sa Inyong Anak sa Pakikiakma sa isang Bagong Paaralan

## Pagtulong sa Inyong Anak sa Pakikipag-kaibigan



Ang pakikipag-kaibigan at maramdamang tinatanggap siya ay nakakatulong sa inyong anakna maging kumportable sa paaralan at maituon ang pag-iisip sa mga gawaing pampaaralan. May maraming mga paraan upang matulunganninyo ang inyong anak na magkaroon ng kaibigan at maging pamilyar sa bago ninyong komunidad.

### *Mga Mungkahi*

- Tulungan ang inyong anak na alamin ang kapaligiran at mgalugar kung saan siya makakapaglaro na ligtas sa panganib.
- Bumisita sa mga lugar tulad ng mga aklatan at sumali sa mga programa sa komunidad na handog ng iba't-ibang mga ahensya katulad ng Siyudad ng Edmonton-**City of Edmonton** at **YMCA**. Para sa mga kabataan, bumisita sa mga sentrong panlibangan o pumili ngisa sa mga programa ng River Valley na handog ng Mga Serbisyong Pang- komunidad ng Siyudad ng Edmonton (City of Edmonton Community Service). Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga programang ito ay maaaring makitasa: **Recreation Programs & Activities.** Ang mga kawani ng opisina ng paaralan o ang mga Liaison Workers ay makapagsasabi sa inyo kung saan naroroon ang mga programang pang-komunidad.
- Samahan ang inyong anak sa mga palaruan ng paaralan pagkatapos ng eskwelapara siya ay makipaglaro sa mga kaibigan.
- Kilalanin ang inyong mga kapitbahay upang makita ng inyong anak na kayo ay nakikipag-kaibigan.



- Dalahin ang inyong anak sa mga pang tapos-linggo at pang tapos-klaseng libangan. Ang karamihan dito ay libre.
- Kausapin ang inyong anak tungkol sa mga bago niyang kaibigan at alamin ang kanilang mga pangalan.
- Kung nais ng inyong anak na mang-imbita ng mga kaibigan sa inyong bahay, ipaalam sa kanilang mga magulang para makapagplano.
- Sabihin sa guro ng inyong anak na bigyan kayo ng dokumentong **Simple Steps to Your Child's Success** kung saan ninyo makikita ang mga karagdagang ideya kung papaano matutulungan ang inyong anak.

## Pagtalakay sa Pagka-bagabag



Ang inyong anak ay maaaring mag-ala-ala tungkol sa pagsisimula niya sa pag- aaral sa isang bagong bansa at pag-aaral niya ng bagong wika. Ang pagka-bagabag ay maaaring makaapekto sa paraan ng pag-iisip at pakiramdam ng inyong anak. Magiging mahirap para sa kanya na matuto kung siya ay nababagabag. Ang ilang simtomas ng pagka-bagabag ay pagsakit ng tiyan, pagsakit ng ulo,madaling pagkapagod, pagiging marahas, malulungkutin, pagiging tahimik at pagtanggi sa mga pagbabago.

### *Mga Mungkahi*

- Kausapin ang inyong anak tungkol sa nararamdaman niya.
- Ibahagi ang inyong nararamdaman tungkol sa kung papaano kayo nakikiakma sa isang bagong bansa.
- Ipaliwanag na karaniwan lang ang mabagabag kapag gumagawa ng mga malalaking pagbabago sa inyong buhay.
- Hikayatin ang inyong anak na magsalita tungkol sa mga nangyayari sa paaralan sa inyong sariling wika.
- Ang pakikinig sa inyong anak ay tutulong sa inyo para maunawaan ang mga mabubuting nangyayari at kung ano ang maaaring maging mahirap. Magsimula sa pagtatanong sa inyong anak para simulan ang usapan.
- Ipaala-ala sa inyong anak ang mga sitwasyong dati-rati'y mahirap pero ngayon ay maalwan na.
- Kilalanin ang mga mumunting tagumpay sa pagtalakay sa mga mahirap na sitwasyon. Halimbawa, ipagdiwang ang unang dalawang buwan ng pag-aaral.
- Sabihin sa guro na ang inyong anak ay nakakaramdam ng kaunting pagkabagabag para matulungan niya ang inyong anak na maging mas kumportable.



**Makatotohanan**

***Maging marangal sa isip at puso, mapagbigay ng kapatawaran***

# Pagtuturo at Pag-aaral sa mga Silid-Aralan ng mga Paaralang Katoliko ng Edmonton

## Papaano Tinuturuan ang mga Bata



Ang lahat ng mga estudyante ay natatangi at sa loob ng isang klase, bawat isa sa mga ito ay may munting pagkakaiba sa pag-unawa sa isang aralin. Halimbawa, ang ilang estudyante ay may mas maraming nalalaman sa matematika at ang iba, sa pagsusulat. Para matulungan ang bawat isa sa kanila na gumawa ng susunod na hakbang sa kanilang pag-aaral, nagdidisenyo ang mga guro ng mga gawaing pampaaralan at pambahay para sa kanilang lahat, mga grupo ng estudyante at para sa bawat isa sa kanila. Sa katapusan ng taon, maisisigurado ng mga guro na napag-aralan ng mga estudyante ang kurikulum.

Pinagsasama-sama din ng mga guro ang iba't-ibang mga estratehiya (pamamaraan) ng pagtuturo. Halimbawa, maaaring atasan ng guro ang buong klase na umpisahan ang balangkas ng istorya, at saka pagpangkat-pangkatin ang mga estudyante para tingnan ang iba'it-ibang halimbawa ng istorya.

Nakikita ng mga guro na ang mga estudyante ay mas lalong nakakaunawa ng mga palagay kung nakikita at nararanasan nila ang mga bagay na itinuturo. Halimbawa, ang mga batang mag-aaral ay maaaring magtrabaho na gumagamit ng buhangin at iba't-ibang sukat ng mga lalagyan para pag-aralan ang tungkol sa bulto. Sa oras na matapos ng mga estudyante ang kanilang mga gawain kakausapin ng guro ang buong klase tungkol sa kanilang natutuhan.

Ang mga kasanayan sa wika ay isang napakalaking bahagi ng bawat isang aralin. Halimbawa, sa matematika, napakahalagang makuha ang tamang sagot at maipaliwanag kung papaano ito nakuha.

Lumilikha din ang mga guro ng mga problema para mapag-talakayan at masagot ng mga estudyante kaysa sa ipagdiinan ang pag-saulo ng mga katotohanan. Sa lahat ng mga aralin, sila ay natututo ng mapanuring pag-iisip. Natututuhan din nila na ihiwalay ang katotohanan sa mga haka-haka, mag-isip ng makatwiran, magtanong, bumuo ng mga kuro-kuro tungkol sa kanilang natutuhan at ihayag ang mga ito.

Sinusunod ng mga Paaralang Katoliko ng Edmonton ang pagproprograma ng **Alberta Education** na inihahandog naaayon sa pakahulugan ng komunidad ng mga Kristyanong Katoliko. Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga asignatura, programa at kurso na mayroon sa mga paaralang Katoliko ay maaaring makita sa **LearnAlberta.**

### Pagtratrabaho ng Grupo-grupo

May mga oras na inaayos ng mga guro ang upuan ng mga estudyante para ang mga ito ay maalwang makapagtrabaho kasama ang grupo. Sa pagtratrabaho sa isang grupo, natutulungan din ang inyong anak na matutong makisama sa ibang mga mag-aaral, makibahagi sa responsibilidad at makinig at matuto sa mga kuro-kuro ng iba. Masasanay niya ang kanyang Ingles at mapapalago niya ang mga kakayahan tulad ng papaano manaliksik, gumawa at mag-eksamen ng mga kuro-kuro, magkusa, magtanong at magbakasakali.

Tayo ay nakatira sa isang komunidad ng mundo. Ang mga guro ay nagdidisensyo ng pagtuturo para matulungan ang mga estudyante at mapahalagahan ang mga karanasan at kontribusyon ng lahat ng tao.

### *Mga Mungkahi*

- Hikayatin ang inyong anak na magsalita tungkol sa kanyang mga kuro-kuro (kung ano ang iniisip niya). Makakatulong ito sa kanya sa paaralan. Gamitin ang inyong sariling wika.
- Tulungan ang inyong anak na makisalamuha sa ibang mga estudyante kung siya ay mayroong proyektong pang-grupo.
- Kausapin ang guro kung nais ninyo ng karagdagang impormasyon kung papaano binubuo ang isang klase.

## Pinagsamang Grado

Ang ilang mga paaralan ay nagsasama-sama ng mga estudyante mula sa dalawang magkaibang baitang sa isang klase. Sa mga klaseng ito, isisigurado ng guro na ang mga ito ay natututo ng kurikulum para sa kanilang mga baitang. Ang guro ay nagdidisenyo ng mga gawain sa pag-aaral para sa buong klase ganon din sa lahat ng mga mag-aaral sa bawat baitang.

Minsan ang mga estudyante ay nagkakaroon ng iisang guro sa loob ng dalawang taon. Ito ay maaaring isang kagalingan sa kadahilanang alam na ng guro ang mga pangangailangan ng mga estudyante at nagkaroon na rin siya ng relasyon sa kani-kaniyang mga pamilya.

## Mga Aklat at Materyales sa Pag-aaral

Sa mga Paaralang Katoliko ng Edmonton, ang mga estudyante ay di palagiang may mga aklatat aklat-sanayan sa bawat aralin na kanilang pinag-aaralan, pahina sa pahina, araw-araw.
Sa kanilang mga gawain sa pag-aaral, gumagamit ang mga guro ng mga iba't-ibang mga mapagkukunang materyales: mga aklat pampaaralan, mga aklat mula sa aklatan, ang Internet, mga pahayagan, mga bidyo at iba pang mapagkukunan ng impormasyon.



## Ang Pagpasok ay Sapilitan



Kung ang inyong anak ay mawawala sa paaralan nang mahabang panahon, sabihin kaagad saguro. May panahong ang guro ay maaaring magmungkahi ng mga aralin para sa inyong anak habang siya ay wala sa paaralan. Para sa karagadagang impormasyon tungkol sa pagpasok sapaaralan, tingnan ang Guide to Education, School Act, pahina 10: **Education Act.**

# Ano ang Natututuhan ng mga Estudyante

## Ang mga Programa sa Pag-aaral



Sa Alberta, ang lahat ng mga paaralan na pinondohan ng publiko ay sumusunod sa kurikulum ng Alberta. Inilalarawan nito kung ano ang inaasahang malalaman at magagawa ng mga estudyante sa nasasakupan ng bawat isang asignatura pagkatapos ng kindergarten at ng mga susunod pang grado.

May mga dokumento ng kurikulum para sa nasasakupan ng bawat isang asignatura.

Ang mga buod na asignatura sa mga mababang paaralan ay: Matematika, Ingles, Araling Pang-lipunan, Agham, Relihiyon, Sining, Musika, Edukasyong Pisikal at Kagalingan.

Ang mga asignaturang opsyonal sa mga mababang paaralan ay nagsasama ng Teknolohiyang Pang- impormasyon at Komunikasyon, isang wika bukod sa Ingles (Pranse, Mga Pangalawang Wika), Drama at EAL. Sa mga mas mataas na grado, ang mga opsyon ay sumasaklaw sa: mga pag-aaral ng karera at teknolohiya, etika, sining sa pagguhit at paggawa (sining, drama, musika), edukasyong pang-kapaligiran at pang-labas at mga lokal na binuong mga kurso.

Ginagamit ng mga guro ang mga dokumentong kurikulum para pagplanuhan ang mga gawain sa pag-aaral. Para sa karagdagang inyong anak at kung ano ang mga maaaring impormasyon kung ano ang natututuhan ng mapagkukunan para magtagumpay mula sa Kindergarten hanggang ika-12 Grado, tingnan: **LearnAlberta.ca.**

Hango mula sa Kurikulum ng Sining ng Wikang Ingles, Baitang 1 hanggang 12:

Mula Kindergarten hanggang ika-12 Grado, ang mga estudyante ay nagpapalago ng mga kaalaman, kasanayan at saloobin sa anim na mga bahagi ng sining ng wika, Pakikinig at Pagsasalita, Pagbasa at Pagsulat, Pagtingin at Pagkatawan. Natututo ang mga estudyante na bumuo, umunawa at sumagot sa mga tekstong sinasabi, sinusulat at iba pang tekstong pang-midya. Nararanasan nila ang mga iba't-ibang teksto mula sa maraming kagawiang pang kultura.

***Maaari kayong makakuha ng impormasyon tungkol sa Kultura ng Canada at ng mga programang magagamit sa Edmonton Catholic Schools at mas marami mula sa mga Liyeysong Pangkultura sa wikang gusto ninyo.***

**Tawagan (780) 441-6060**



### Katapta n

***Sinisikap naming papanatilihin ang katapatan sa pananaw, misyon, mga hangarin at pangunahing layunin ng ating distritong pampaaralan***

## Programang Ingles bilang Karagdagang Wika (E A L)



Ibat-iba ang bilis ng pagkatuto ng mga estudyante, kahit dalawang bata sa isang pamilya. Sa loob ng isa o dalawang taon, marami sa mga bagong dating na estudyante ang nakakagamit ng Ingles para makipag-usap sa mga pang-araw-araw na sitwasyon. Subalit, sila ay maaaring mangailangan ng lima hanggang pitong taon para makabasa, makasulat at makaunawa ng mga akademikong bagay sa loob ng klase sa kaparehong libel ng mga kaklase nilang Ingles ang kinagisngang wika.

Nang sila ay dumating sa Canada, karamihan sa mga bagong dating na estudyante ay mahusay sa kanilang sariling wika, ngunit may limitadong kasanayan sa Ingles. Ang iba sa kanila ay maaaring ipinanganak sa Canada pero bahagya pa lang nagsisimulang matuto ng Ingles nang sila ay magsimulang pumasok. Ang mga programa sa Ingles bilang Karagdagang Wika ay tumutulong sa mga estudyanteng ito para makapantay ng kanilang mga kaklaseng Ingles and kinagisnang wika.

Ang ilang estudyante ay maaaring nawala ng mahabang panahon sa paaralan o maaaring hindi natutong magbasa o magsulat sa kanilang sariling wika.

Ang mga estudyante sa EAL sa mababang paaralan na limitado ang karunungan sa pagbasa at pagsulat o pag-aaral ay tumatanggap ng karagdagang suporta sa mga paaralan sa kanilang komunidad.

### *Mga Uri ng Programa sa EAL*

*Ang paaralan ay maaaring maghandog ng isa o mahigit sa isa sa mga sumusunod na uri ng suporta sa EAL. Ang inyong anak ay maaaring:*

- *makakuha ng ekstrang tulong mula sa kanilang guro sa silid aralan,*
- *mag-aral kasama ng guro sa EAL sa silid-aralan,*
- *umalis sa silid-aralan para mag-aral kasama ang guro sa EAL.*



### Mga Antas sa Pag-aaral ng Ingles


Ang lahat ng mga batang nag-aaral ng bagong wika ay nagdaraan sa serye ng antas habang sila ay natututo ng Ingles. Maaaring tukuyin ito ng guro ng inyong anak na mga antas sa pag-aaral ng Ingles. Simpleng inilarawan, sila ay:




1. Nag-aaral gumamit ng Ingles para sa simpleng komunikasyon,
2. Nag-aaral gumamit ng Ingles sa mga pamilyar na sitwasyon na may suporta,
3. Nag-aaral gumamit ng Ingles sa mga bagong sitwasyon na may suporta; ang bata ay nagiging mas mapag-isa,
4. Nag-aaral gumamit ng Ingles sa libel na ginagamit ng mga kaklaseng Ingles ang kinagisnang wika. Ang yugtong ito ay karaniwang nangyayari mula 5-7 taon.

Para sa mga karagdagang impormasyon para sa pag-aaral ng Ingles bilang Karagdagang Wika – ECSD, Supporting English Language Learners.

### *Mga Mungkahi*



- Kausapin ang inyong anak sa inyong sariling wika. Bigyan ang inyong anak ng pagkakataong ituloy ang pag-aaral ng kanyang unang wika habang nag-aaral ng Ingles. Ang mga batang nakakapagsalita ng maayos sa kanilang unang wika ay mas madaling matuto ng Ingles.
- Hikayatin ang inyong anak na ituloy ang pagbasa at pagsulat sa kanyang unang wika. Nakikita ng mga guro na ang mga estudyante na maayos na nakakabasa at nakakasulat sa kanilang unang wika ay natututong magbasa at magsulat ng mabilis sa Ingles. Nakikita din nila na ang mga estudyante ay nananatili rin sa agham at matematika. Maraming mga aklatang pampubliko ang may mga aklat sa iba't-ibang wika, cds, bidyo at koleksyon ng DVDs. Ang kard pang-aklatan ay libre para sa mga bata.
- Hikayatin ang inyong anak na sumali sa mga ginagawa ng grupo kasama ang ibang mga estudyante pagkatapos ng klase kung saan siya ay magsasalita ng Ingles.



## P a g ka ka p an t a y - p an t a y

***Hinahanap natin ang pagkakaisa na walang pagkakapare-pareho, pagkaka pantay-pantay na walang pagkakahalintulad, at pagkakaiba-iba na walang paghihiwa-hiwalay.***

## Edukasyong Pang-Relihiyon sa mga Paaralang Katoliko ng Edmonton



Ang **Edukasyong Pang-relihiyon** ay sumusuporta sa umiiral na mga programa naaayon sa pagkakabalangkas ng Katolikong Tanggapang Nasyonal ng Edukasyong Pang-relihiyon ganon din sa mga programang lokal na ginawa at sinang-ayunan ng mga Obispong Katoliko ng Alberta. Ang Edukasyong Pang-relihiyon ay isang kinakailangan at kasamang bahagi ng pamumuhay at kultura sa mga Paaralang Katoliko ng Edmonton. Sa pamamag-itan ng edukasyong pang-relihiyon, ang mga estudayante ay inaanyayahang palaguin ang kaalaman, paniniwala, kakayahan, pagpapahalaga at mga pakikitungo na kinakailangan para makabuo ng relasyon sa Diyos at komunidad sa pamamag-itan ng pagkatao ni Hesukristo.

Bilang isang kasamang bahagi ng programa ng Edukasyong Pang-relihiyon, ang pagdadasal ay makakatulong sa mga bata para matuto at makapagmuni-muni sa paglalakbay nila sa kanilang pananampalataya kasama ang Panginoon at si Hesus.

Pinagsasama-sama ng Edukasyong Pang-relihiyon ang mga magkakaparehong hangarin at layunin ng lahat ng mga mabuting pag-aaral. Napapaloob dito ang pagpapa-unlad ng isang tao sa kanyang pangangatawan, kaisipan, kalooban, pakikisalamuha, ganon din ang pagiging ispiritwal.



*“Ano man ang gagawin mo, gawin ang lahat sa ngalan ng ating Panginoong Hesukristo.”*

Colossians 3:17

## Pagsasama ng Pananampalataya sa lahat ng mga asignatura



Para patatagin ang paglago ng pananampalataya ng mga mag-aaral, lahat ng bahagi ng kurikulum ay kumakatawan sa mga Katolikong pagtuturo at mga pagpapahalaga, e.g. ang mga estudyante ay natututo ng mga awit bilang bahagi ng programa sa musika.

## Paghahanda Para sa Mga Sakramento

Ang ilan sa mga paaralan ay nakikipag-ugnayan sa mga parokya para ihanda ang mga bata para sa Sakramento ng Pakikipagkasundo (Kumpisal), Unang Komunyon at Kumpil.

## Mga Programa sa Wika

Ang mga programa sa wika ng Paaralang Katoliko ng Edmonton ay nagbibigay ng malawak na karanasan at kabutihan sa mga bata na nakabubuti sa kanila sa loob ng silid aralan at sa dako pa roon. Ang mga impormasyon tungkol sa ilan sa mga programang ito na inihahandog ng ating distrito ay kasama sa Guide na ito. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa sa wika na inihahandog ng Dibisyon ng Mga Paaralang Katoliko ng Edmonton, mga benipisyo sa pag-aaral ng pangalawang wika, at iba pa ay makikita sa **Language Programs.**

### a) Imersyon sa Wikang Pranse

Ang Pagsasanay sa Wikang Pranse ay idinisenyo para sa mga estudyante na may nais na matuto ng wikang Pranse. Ang mga estudyante ay maaaring magparehistro sa Kindergarten o unang grado. Sa Mababang grado, ang wikang ginagamit sa pagtuturo ay Pranse, maliban sa Relihiyon, at ang mga estudyante ay may mga klase din sa Sining sa Wikang Ingles (English Language Arts) simula sa ika-2 Grado. Partikular na atensyon ay ibinibigay para palaguin ang pagpapahalaga sa kulturang Pranse sa pamamag-itan ng paghahandog ng mga pagdiriwang na pang-kultura/o libangan. Labing-tatlong paaralan ang naghahandog ng mga programa sa Pagsasanay sa Wikang Pranse.

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa programa sa Pagsasanay sa Wikang Pranse sa ating mga paaralan, tingnan: **French Immersion Program** o makipag-usap sa kawani ng paaralan.

### b) Programang Pranse bilang Pangalawang Wika

Ang Pranse bilang Pangalawang Wika (French as a Second Language (FSL) ay tumutukoy sa mga kurso kung saan ang wikang Pranse ay itinuturo bilang isang asignatura. Hinahayaan din ng FSL ang mga estudyante na lalong maunawaan ang mga kulturang Pranse sa Canada at sa iba pang mga bansa sa mundo. Ang FSL ay itiniturо sa loob ng 95 oras kada taon sa mababa at dyunyor na antas, at 125 na oras kada taon sa mataas na paaralan.

### c) Mga Programa sa Wika at Kultura



Ang pag-aaral ng pangalawang wika ay tutulong sa inyong anak na madagdagan ang paglago atgaling nila, payamanin at dagdagan ang unang wika ng inyong anak, padaliin ang pagkatuto ng karagdagang mga wika, himukin sa mga bagong pamamaraan ng pag-iisip, at palaguin ang pagpapahalaga sa kalawakan ng kultura sa Canada at sa buong mundo. Ang Dibisyon ng Mga Paaralang Katoliko ng Edmonton ay naghahandog ng ibat-ibang uri ng mga programa sa pangalawang wika: Nehiyaw, Pimatisiwin, Cree, Filipino/Tagalog, Italian at Espanyol. Ang pag-aaral ng pangalawang wika ay tutulong sa pagbubukas ng mga pinto ng mga kapana-panabik na pagkakataon sa pag-aaral at para makilahok ng mas higit pa bilang isang miyembro ng komunidad ng mundo.

### d) Mga Programang gumagamit ng Dalawang Wika

Nilalayon ng mga programang gumagamit ng dalawang wika (bilingual programs) na matuto ang mga estudyante nang husto at magkaroon ng mahusay na kasanayan sa Ingles at sa iba pang (pangalawang) wikang tinatarget. Nagbibigay sila ng isang mayamang kapaligiran para matutuhan ang mga wika, kultura at nilalaman ng bawat asignatura. Ninanais din ng edukasyong gumagamit ng dalawang wika na makapag- bigay ng kapaligiran para sa isang masusing pag- aaral ng wika na magpapalaki ng mga pagkakataon para sa pag-aaral. Lumalago ang pagpapahalaga ng mga estudyante sa iba pang mga kultura at komunidad sa buong mundo.

Ang Paaralang Katoliko ng Edmonton ay naghahandog ng mga programang pang dalawahang wika sa Espanyol at Ukrainian.

I-tsek kung alin sa mga programang may dalawahang wika ang inihahandog sa Paaralang Katolikong Edmonton sa: **Bilingual / Language & Culture Programs.**

## Isinamang Edukasyon (Inclusive Education)

Ang mga programa sa Isinamang Edukasyon ay nagbibigay ng ekstrang suporta sa mga estudyante na may malubhang kahirapan na matuto o espesyal na mga pangangailangan sa kanilang paaralang pang-komunidad. May mga ilang estudyante na nangangailangan ng panandaliang tulong at ang mga iba ay mayroong mga masalimuot na pangangailangan na matuto at sitwasyon sa kalusugan.

Ang mga estudyante ay maaaring mangailangan ng tulong dahil may kapansanan sa katawan, sa kaisipan, kalooban, pag-uugali, pagsasalita, wika, paningin o pandinig o dahil sa mga malulubhang problema sa pakikipag-kapwa-tao. Ang modelo ay nababase sa pagsasama-sama ng lahat (full inclusion), na may suporta mula sa silid-aralan/libel pampaaralan, mga espesyal na klaseng isinama sa rigular na mga paaralan, at mga paglalagay sa mga programa sa distrito. Ang pagpro-programa sa paaralang pang- komunidad ay itinuturing na unang opsyon.

Ang kakulangan sa kakayahan sa wikang Ingles ay hindi palatandaan ng pangangailangan ng mga espesyal na programa. Subalit, kung ang inyong anak ay nahihirapan sa kanyang pag-aaral o makisama sa ibang mga mag-aaral, ito ay maaaring isang hudyat ng malaking kahirapan sa pag-aaral. Paminsan-minsan, ang mga problema ay normal na bahagi ng pakikiakma sa isang bagong wika at paaralan. Ang mga impormasyon tungkol sa mga kakayahang pang-akademiko ng isang estudyante sa kanyang unang wika, tulad ng isang nakaraang report kard, ay kalimitang tumutulong sa mga guro para malaman ang pinag-mumulan ng paghihirap ng estudyante.

Kung kayo ay nababahala na ang inyong anak ay maaaring mayroong malubhang problema sa pag-aaral, makipag-usap sa guro niya. Ang guro ay may mga ilang hindi pormal na paraan para tayahin ang inyong anak. Kung kinakailangan, kayo o ang guro ay maaaring humiling ng pormal na pagtataya sa inyong anak.

Ang paaralan ay kinakailangang sumunod sa mga patakaran ng Isinamang Edukasyon (Inclusive Education) para mataya at malaman ang mga espesyal na pangangailangan ng inyong anak. Kayo ay hihingian na magbigay ng nasusulat na pahintulot na nagsasaad ng inyong pagsang-ayon para sa pagtataya sa inyong anak at kayo ay oobligahing dumalo sa mga pagpupulong na pang-konsultasyon na may kaugnayan sa proseso ng pagtataya. Ang mga kwalipikadong empleyado ang gagawa ng mga pagtataya at magsasabi ng mga resulta sa mga magulang, guro at iba pang may kaugnayan sa programa ng estudyante. Sila ay gagawa ng mga rekomendasyon sa pagplaplano ng programa. Kung kayo ay mangangailangan ng tulong para sa pagsasalin sa wika para sa mga pagtatayang ito, mangyari lamang kontakin ang One World…One Centre sa (780) 441-6060 at makipag-usap sa isang miyembro ng kawani ng Mga Serbisyong Pangkultura na nagsasalita ng inyong wika.

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa para sa mga estudyante na may espesyal na pangangailangan, tingnan: **Inclusive Education Programs.**

. **Katarungan, Pagkakaiba-iba, Pagsasama-sama at Pagkontra sa Kapootang Panglahi**

Ang Edmonton Catholic Schools ay naniniwala na tayong lahat ay nilikha ayon sa larawan at wangis ng Diyos. Dahil dito, ang lahat ng tao ay likas na sagrado at dapat tratuhin na may dignidad at paggalang. Ang lahat ng pagsisikap na suportahan ang inklusibo, ligtas at mapagmalasakit na pag-aaral at mga nagtatrabaho na komunidad sa loob ng ating Dibisyon ay dapat na naaayon sa turo ng Simbahang Katoliko at dapat na nakabatay sa pang-unawa ng tao sa kabuuan.

Ang isang mapag-alaga at mapag-samang komunidad ay isang komunidad kung saan ang bawat tao ay pinapapasok, tinatanggap, at sinusuportahan bilang isang anak ng Diyos; samakatuwid, ang anumang diskriminasyon ay hindi tinatanggap at tinutugunan. Ang lahat ng mag-aaral, kawani at pamilya ng Edmonton Catholic School Division ay bibigyan ng isang mapagsama, mapagtanggap mapag-alaga, magalang, at ligtas na kapaligiran na nagtataguyod ng kagalingan ng lahat at nagtataguyod ng suporta ng komunidad para sa pagkamit ng layuning ito. higit pang impormasyon ng EDIAR Resources.

## Ang mga mapagkukunan sa seksyong ito ay sumusuporta sa mga mag-aaral, pamilya at kawani na naghahanap ng Mga Paaralang May Mga Pokus at Alternatibong Programa

Ang mga estudyanteng pumapasok sa mga Paaralang Katolika ng Edmonton ay makakapili sa ibat-ibang mga pokus na programa. Kasama nito ay ang mga Programasa Edukasyong pang Kolehiyo at Akademik, mga Programa sa Wikang pang ibang bansa (International), mga programa sa Maaga at Gitnang taon ng International Baccalaureate (Early and Middle Years International Bacccalaureate Programs), Pinabilis na mga Programa sa Matematika at Agham (Accelerated Math and Science Programs) at marami pang iba. May mga paaralang nakapokus din na mayroong Pinong Sining(Fine Arts), Paglalaro (Sports), Agham at Akademya ng Teknolohiya.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga paaralang may mga pokus at alternatibong programa, maaari ninyong tingnan sa: **Focus Schools and Alternate Programs.**

## Mga Programa Para sa Maagang Pag–aaral



Tinatanggap ng mga Paaralang Katoliko ng Edmonton and mga bata at kanilang mga pamilya na mag-aral, maglaro at lumaki sa ating mga programang naayon sa paniniwala, isinamang pre-kindergarten at kindergarten na mga programa. Kasama sa mga opsyon ay ang **100 Voices Pre-Kindergarten Program** at **Kindergarten Programming.**

Kasama sa lahat ng mga Programa sa Maagang Pag-aaral ang:

- Sertipikadong guro
- Pag-aaral sa pamamag-itan ng paglalaro
- Pagsasama ng sining na pino
- Mayamang oportunidad para sa wikang sinasabi
- Mga gabi para sa pamilya/magulang MgaProgramang Pampamilya
- Ibat-ibang kuponang nagsasama sa mga: Konsultantsa Maagang Pag-aaral, Patologo sa Pagsasalita at Wika, Patologo sa Pagtratrabaho, Terapruta sa Pangangatawan, Espesyalista sa Pag-uugali, Sikologo at Serbisyong Nag-uugnay sa Pamilya at Paaralan
- Ibinase sa Paniniwala
  Para sa karagdagang impormasyon, mangyari lamang tingnan: **Early Learning Program Information.**

# Pag-uugali ng Estudyante

## Kodigo sa Pag-uugali



Ang mga kawani ng paaralan ay nakatalagang gawin ang paaralang libre sa mga bagay na negatibo tulad ng pang-aabuso, pananakot, diskriminasyon, pagbabanta, mga mapagmuhing salita at aksyon at ano mang uri ng pisikal na dahas. Ang inyong paaralan ay may alituntunin ng tamang pag-uugali na nanghihikayat ng mga mapayapang paraan sa paglutas ng mga problema at paglikha ng isang ligtas at mapag-anyayang kapaligiran.

Ang paaralan at ang guro ng inyong anak ay gagawa ng mga kautusan para matulungan ang mga estudyante na sumunod sa alituntunin ng tamang pag-aasal. Ang mga kautusan ay ipinaliliwanag sa mga estudyante at karaniwang nakapaskil sa paaralan. Sila ay base sa tungkulin ng mag-aaral na nakabanghay sa ika-12 Seksyon ng **Education Act.**

Ang sino mang sumasali sa isang gawain sa paaralan kasama na dito ang mga estudyante, mga magulang o tagapag-alaga, mga bolontir, mga guro at iba pang mga miyembro ng kawani, ay inaasahang susunod sa Alituntunin ng Tamang Pag-uugalil. Ang Alituntunin ng Tamang Pag-uugali ay sinusunod kahit na ang ginagawa ay wala sa loob ng paaralan subalit may relasyon dito.

***Mga Mungkahi***

- Humingi ng kopya ng Alituntunin ng Tamang Pag-uugali ng inyong paaralan.
- Hikayatin ang inyong anak na maging pamilyar sa mga kautusan ng paaralan at silid-aralan.
- Ipaala-ala sa inyong anak na may mga grabeng konsikwensya para sa pakikipag-away at iba pang uri ng hindi tamang mga pag-uugali.
- Sabihin sa guro na nais ninyong ipaalam niya sa inyo kung siya ay may pagkabahala tungkol sa pag-uugali ng inyong anak.
- Kausapin ang guro ng inyong anak, at ang punong guro kung kinakailangan, kung nararamdaman ninyong ang Alituntunin ng Tamang Pag-uugali o ang mga pag-uutos ng paaralan ay hindi makatarungan para sa inyong anak.
- Makipag-usap sa guro kung kayo'y nababahala tungkol sa pag-uugali ng ibang estudyante.
- Mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga bagay na nararapat gawin at mga pamamaraan kung may hindi pagkakaunawaan ang paaralan at magulang, tingnan sa: **Student Code of Conduct.**

## Tungkulin ng mga Magulang sa Pagtalakay sa mga Problema sa Pag-uugali

Ang ilan sa mga pagbabago sa ugali ng inyong anak ay normal na bahagi ng kanyang pakikipag-akma sa isang bagong paaralan, wika at bansa. Kung ang guro ng inyong anak ay may ikinababahala tungkol sa pag-uugali ng inyong anak, o sa relasyon niya sa ibang mga estudyante siya ay maaaring makipag-ugnay sa inyo.

Ipaliliwanag ng guro kung ano ang ginagawa niya sa paaralan para matulungan ang inyong anak at maaaring magkaroon ng mga mungkahi tungkol sa kung ano ang inyong magagawa sa bahay. Magkasamang nagtutulungan, kayo at ang guro ay maaaring makapag- bigay sa inyong anak ng magkaparehong mensahe tungkol sa kung anong pag-uugali ang inaasahan sa paaralan. Kung kayo ay may ikinababahala, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa guro.

### Mga Sapilitang Konsekwensya

Gagamitin ng mga paaralan ang mga sapilitang konsekwensya kailan mang ang mga estudyante ay gumawa ng hindi magandang mga pag-uugali. Kasama sa hanay ng mga konsekwensya ay ang sinasabi at nasusulat na pagbababala, mga pagkukulong, mga suspensyon at mga pagpapaalis sa paaralan. Ang Punong Guro ang nagpapasiya sa haba ng suspensyon. Ang mga magulang ay tatawagan kailan mang ang estudyante ay nasuspinde at pananatilihing nalalaman nila at bibigyan sila ng lahat ng pagkakataon sa ano mang proseso ng pagpapatalsik.

### Pag-uugali na Maaaring Humantong sa Pagkakasuspinde o Pagpapatalsik at Pakikialam ng Pulis

- Pakikipag-away
- Pagbabanta
- Panunumpa sa guro
- Pagtitinda at pamimigay ng droga o mga armas na panlaban
- Pagnanakaw
- Paggamit ng mga armas na nakakasakit o mahigpit na pagbabanta
- Pananakit
- Paninira
- Atakeng sekswal
- Pagbibigay ng alkohol sa mga batang wala sa hustong gulang
- Pagkakaroon ng alkohol

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa suspensyon at pagpapatalsik, i-tsek ang Patakaran sa Procedure 355 sa: **Student Suspension and Expulsion.**

### *Hango mula sa mga Patakaran at Palakad, ECSD/Pag-uugali sa Paaralan Mga Kahulugan:*

***Pangugulo*** *ay nangyayari kung ang isang tao ay nagsasabi ng hindi kaaya-ayang salita o nananakit sa iba dahil sa kanyang lahi, paniniwala sa relihiyon, kulay, kasarian, kawalang kakayahan na pisikal at pang-kaisipan, edad, angkang pinagmulan, o lugar na pinag-mulan. Hindi nararapat na paghipo sa katawan, pagpansin, sapilitang paghingi, mga pagbibiro o mga panunuya ay mga panggugulo kapag sila'y nakakasama sa kapaligiran ng pag-aaral.*

*Ang* ***sandata*** *ayon sa ipinakahulugan ng Criminal Code ng Canada ay sumasaklaw sa anumang bagay na itinalagang gamitin bilang isang sandata o ano mang bagay na ginagamit ng isang tao o pinag-aakalaang gamitin bilang isang sandata para makasakit.*

# Ang Report Kard

## Pag-unawa sa Report Kard



Ang mga estudyante sa paaralan ay makakatanggap ngreport kard tatlong beses isang taon. Sa bawat panahonng pag-uulat, makakatanggap sila ng dokumentong may ilang pahina na mayroong napakaraming impormasyon tungkol sa mga natutuhan at pag-unlad.

Ang ginawa ng inyong anak ay tatayahin sa pamamag-itan ng mga tagalarawan (descriptors) na malapit na ikinabit sa mga resulta ng pag-aaral (learner outcomes)sa Programa ng Pag-aaral ng Alberta (Alberta Program of Study). Ang report kard ay mag-uulat sa inyong anak tungkol sa:

- **Nagawa -** kalidad ng pagkagawa, libel ng pagkaunawa sa nilalaman ng nasasakupan ng asignatura, libel ng kaalaman at mga kakayahan.
- **Pag-unlad bilang isang Estudyante –** pag-unlad na sosyal at mga kaugalian sapagtratrabaho
- **Pagsisikap** – mga pagpuna sa pakikilahok at pagtapos sa trabaho.
- **Mga Pagpuna sa Pag-aaral ng Estudyante** – Ang mga guro ay sumusulat din ng mga puna sa mga ginawa ng estudyante at ang mga ito ay bukod na nakaulat para sa Edukasyong Pang-Relihiyon, Sining sa Wikang Ingles at Pranse, at Matematika. Maaari ding magsulat ang mga guro ng mga puna sa alin man sa iba pang mga asignatura.
- **Pagtatakda ng Layunin ng Estudyante** –Sa loob ng unang dalawang mga panahon ng pag-uulat, ang mga estudyante ay sumusulat ng isang pagmumuni-muni sa harap na pahina ng kanilang report kard tungkol sa mga ideya o mga konklusyon tungkol sa kanilang trabaho na may kaugnayan sa kanilang mga lakas at mga kahinaan. Ito ay tutulong sa kanila para matantya ang kanilang mga layunin at gagawin sa hinaharap.

## Mga Libel ng Pagkakamit (Levels of Achievement - LOA) para sa 1 – 12 Grado

Sa mga mababang paaralan, mayroong apat na antas ng pagkakamit. Ang unang tatlong antas (Huwaran, Sanay at Papalapit sa Kahusayan) ay lahat ay naroroon sa katanggap-tanggap na antas. Ginagamit ng mga guro ang ika-apat na libel antas ng Pagsisimula kung ang estudyante ay nagpapakita ng simple o mababang pang-unawa sa mga resulta ng pag-aaral mula sa programa ng pag-aaral.

Mga libel ng Pagkakamit sa Kindergarten – K- nagpapakita ng mga pamantayan sa Kindergarten/, nagpapakita ng buong pang-unawa sa mga resulta ng pag-aaral mula sa programa ng pag-aaral at N – nangangailangan ng karagdagang oras at pagsasanay para makamit ang mga pamantayan sa Kindergarten. Ang mga numerong marka/grado ay hindi iniuulat sa ika-1-6 ng grado.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagtataya at proseso ng Pag-uulat sa Pag-unlad sa Pag-aaral ng inyong anak, mangyari lamang tingnan K – 6 Parent Guide to Assessment and & Reporting.

## Papaano Tinatantya ng mga Guro ang Libel ng Nakamit ng Inyong Anak

Rerepasuhin ng guro ang mga iba't-ibang bahagi ng nagawa ng inyong anak sa loob ng takdang panahon: mga pagsusulit, mga proyektong pang- isahan at pang grupo, mga gawaing iniatas, gawaing bahay, at araw-araw na pakikilahok sa klase. Titingnan ng guro ang mga paglalarawan sa mga libel ng nakamit sa bawat isang dokumento ng kurikulum at pipiliin ang libel ng nakamit na pinakamahusay na maglalarawan sa gawaing pampaaralan ng inyong anak. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga libel ng nakamit, tingnan ang dokumento ng kurikulum ng lalawigan. Ang mga kawani ng opisina ng paaralan ay makakapagsabi sa inyo kung papaano kayo makakakuha ng kopya. Ang mga ito ay nakapaskil sa: **My Child's Learning: A Parent Resource.**

Rerepasuhin ng guro ng inyong anak ang mga iba't-ibang aspeto ng ginawa ng inyong anak sa naloloban ng termino: mga pagsusulit, mga proyektong pang-isahan at pang-grupo, itinalagang gawain, gawaing pambahay, at araw-araw na pakikilahok sa klase. Titingnan ng guro ang mga paglalarawan sa libel ng pagkakamit sa bawat isang dokumento ng kurikulum at pipiliin ang libel ng pagkakamit na mabuting naglalarawan sa gawain sa pag-aaral ng inyong anak. Maaari ninyong tingnan ang mga gawaing nakaatas sa klase, impormasyon tungkol sa pagmamarka, pagpasok at impormasyong demograpiko sa pamamagitan ng website ng Edmonton Catholic School sa: **PowerSchool**. Maaari lamang makita ng mga magulang ang mga impormasyon tungkol sa kanilang estudyante doon sa website ng Power* School matapos na sila ay makapagparehistro sa paaralan at makatanggap ng user ID at password. Ang mga instruksyon kung papaano makakagawa ng account, papaano makikita ang report kard ng inyong anak at kung papaano magdagdag ng isa pang estudyante sa kasalukuyang account sa portal ng magulang (parent portal account) ay isinalin sa maraming wika. Mangyari lamang bisitahin ang link ng the **Translated PowerSchool Information** kung kayo ay nangangailangan ng tulong sa inyong wika

***Following Your Child's Progress Between Report Cards***

- *Talk regularly with your child about school. You will get a sense of what is going well and what might be difficult.*
- *Ask your child to show you samples of his or her work and test results.*
- *Read with your child to observe his or her reading skills.*
- *Be positive and praise his or her efforts. It encourages your child to talk about school.*
- *If you have a specific concern, speak to the teacher.*

## Papaano Tinataya ang Gawain ng Mag-aaral ng Ingles sa Report Kard

Ang mga mag-aaral ng Ingles (ELLs) ay mangangailangan ng panahon para mapalago ang kanilang kakayahan sa Ingles. Sa ilang mga kaso, ang isang estudyante ay gumagawa ng kaparehong gawain na ginagawa ng ibang mga estudyante. Sa iba pang mga kaso, ang isang estudyante ay maaaring gumawa ng gawain na iba kaysa pinag-aaralan ng ibang mga mag-aaral. Habang ang inyonganak ay mas natututo ng Ingles, sisimulan ng gurong bigyan siya ng gawaing ginagawa ng ibang estudyante.

Ang pagtataya sa pag-unlad ng estudyante ay base sa gawaing naaakma para sa isang mag-aaral ng Ingles sa kanyang antas ng pag-aaral nito. Kung angestudyante ay kararating lamang sa Canada, maaaring siya ay hindi magbigyan ng report kard ng guro. Sa panayam ng magulang at guro, ipaliliwanag ng guro kung ano ang pinag-aaralan ng inyonganak at kung papaano lumalago ang kanyang kakayahan sa wikang Ingles.

## Mga Patakaran sa Pag-aaral



Hinihingi ng batas panlalawigan sa lahat ng mga paaralan na sundin ang ilang mga patakaran at mga kalakalan para mapag-ingatan at matulungan ang mga batang maging matagumpay sa paaralan. Itinalaga ng inyong paaralan ang isang kapaligiran kung saan lahat ng mga estudyante ay tinatrato na may paggalang, dignidad at pag-unawa. Isinisigurado ng mga patakaran ng paaralan na walang ibubukod sa kadahilanan ng lahi, bansang pinagmulan, lugar na pinagmulan, kulay, lahing pinagmulan, pagkamamamayan, relihiyon, kasarian, oryentasyong sekswal, kapansanan at katayuan sa buhay. Isinisiguro din ng mga patakarang ito na ang mga nasasaad sa itaas ay hindi mga balakid para maging matagumpay sa paaralan. Kung kayo ay may ikinababahala, napakahalagang kayo ay makipag-usap sa guro o sa punong guro.

Ang Alberta Education ay may sumusunod na patakaran at kalakaran tungkol sa K-2 na pag-aaral: **Alberta Human Rights Commission.**



***Dignidad at Paggalang***

***Tayo ay tinawag para pahalagahan ang bawat tao at taratuhin ang bawat isa na may pagkahabag***

### Paglalagay sa Grado ayon sa Edad

Kapag ang estudyante ay nagpatala sa paaralan, ang kalalagyan nilang grado ay pinagpapasiyahanayon sa kanilang edad, hindi sa grado na kanilangtinapos sa bansang kanilang pinagmulan.

Paaralang Katoliko ng Edmonton
Patakara ng Pang-Distrito

### Pag-uulat ng Posibleng Hudyat ng Pinsala sa mga Bata



Kung ang isang miyembro ng kawani ng paaralan ay nakakapunang mga hudyat na ang isang tao ay maaaring nang-aabuso, tumatrato ng hindi tama, nagpapabaya sa isang bata o kung ang isang estudyante ay nagsusumbong na may masamang nangyayari sa kanya, hinihingi ng batas na ipagbigay-alam ito ng guro sa organisasyon sa inyong komunidad na may responsibilidad sa pangangalaga ng mga bata (tinatawag na Alberta Children's Services).

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan: **Abuse & Bullying, Edmonton Police Service - Family Protection.**

# Mga Pamamaraan sa Paaralan

### Pagliban sa Eskwela



Para makasiguradong ang mga estudyante ay dumarating na ligtas sa panganib, ang mga magulang ay inaasahang tumawag sa paaralan bago mag- alas 8 :30 ng umaga kung siya ay hindi makakapasok. Karamihan sa mga paaralan ay may mga makinang pang-mensahe (message machine) para magrekord ng mga hindi makakapasok. Kung ang inyong anak ay hindi dumating sa alas 9:00 ng umaga at hindi kayo nakatawag sa paaralan, may tatawag sa inyo.

***Halimbawa ng mensahe sa telepono:***

*Ito ay si (**sabihin ang pangalan**). Ang aking anak (**pangalan ng anak**) ay may sakit ngayong araw na ito. Ang guro niya ay (**sabihin ang pangalan ng guro**).*

### Numero ng Estudyante sa Alberta (Alberta Student Number) (ASN)



Ang ID ng Alberta Education ay nagpapakilala sa bawat isang estudyante sa Alberta. Sa pamamagitan ng paggamit ng numero ng ID ng Alberta Education ang mga komunidad ng edukasyon sa Alberta ay magkakaroon ng mas magaling na impormasyon para tantiyahin ang mga programa at mga lumalabas na kalakaran sa pagpili ng mga estudyante sa nalolooban ng sistema ng edukasyon.

### Taluhiyang at mga Problema sa Kalusugan



Sabihin sa guro kung ang inyong anak ay mayroong mga problema sa kalusugan o mga taluhiyang. Kung kinakailangan ng inyong anak na uminom ng gamot sa araw na may klase, kayo at ang manggagamot ng inyong anak ay magsusulat sa isang pormularyo. Lahat ng gamot ay kinakailangang nakatago sa opisina ng paaralan sa araw ng klase.

### Mga Hangganan sa Pasukan



Ang inyong tirahan ang nagpapasiya kung aling paaralan ang papasukan ng inyong anak. Bawat isang paaralan ay may hangganan sa pagpapapasok o sona na nagdidikta ng mga kalye at mga bahay na nasasakupan ng paaralan. Para matagpuan ang paaralan sa inyong lugar, punuan ang hinihiling na impormasyon sa sumusunod na link: **School Directory - Elementary Schools.** Kung ang inyong pananaliksik ay hindi magbigay ng mga resulta o may mga karagdagan kayong katanungan, mangyari lamang tumawagsa 780-944-2001 o mag-email sa info@ecsd.net.

### Patakaran sa Malamig na Panahon



Sa panahon ng tag-lamig, sa panahong makapal ang niyebe, maaaring makansela ang biyahe ng bus. Kapag masama ang panahon, makinig lamang sa mga pagbabalita ng lokal na radio at telebisyon para sa mga pahayag sa pagkansela ng serbisyo ng bus. Sa panahong sobra ang lamig o sa mga araw na umuulan, ang mga estudyante ay maaaring tumigil sa loob ng paaralan sa oras ng tanghalian at rises.

### Pananamit para sa Pagpasok



Ang mga estudyante ay inaasahang mayroong pares ng sapatos na pang-loob (indoor shoes) sa paaralan na ipapalit nila ano mang oras sila ay pumasok sa loob ng paaralan. Ang mga nakababatang estudyante ay maaaring hingian ng damit na ekstra. May mga ilang paaralang nangangailangang ang mga mag-aaral ay magsuot

ng sapatos na pangtakbo, syorts at tisyerts para sa klaseng edukasyong pampisikal sa dyim. Mapuwera umuulan at sobra ang lamig sa oras ng rises o bago at matapos ang klase, ang mga estudyante ay inaasahang maglaro sa labas. Siguraduhin lamang na ang inyong anak ay may tamang kasuotan para sa panahon.

Ang mga estudyante sa kindergarten ay inaasahang magbihis sa kanilang sarili, kahit na tutulungan ng mga guro iyong mga nangangailangan ng tulong.

**Mga Pagbibiyahe sa Labas ng Paaralan (Field Trips)**



Ang mga pagbibiyahe sa labas ng paaralan ay mahalagang bahagi ng programa sa silid aralan. Maaaring isasaayos ng mga guro ang pag-bisita ng mga estudyante sa museo, liwasan o pati teyatro para manood ng palabas. Bago maglakbay o pagkatapos nito, ang mga estudyante ay gumagawa ng mga gawain na may kaugnayan sa kanilang paglalakbay.

Kinakailangan ng paaralan ang inyong nasusulat na pahintulot para makilahok ang inyong anak sa pagbibiyahe sa labas ng paaralan. Dadalhin ng inyong anak ang sulat para lagdaan ninyo. Pakilagdaan ninyo ito at isauli sa lalong madaling panahon. Maaari din kayong hingian ng pambayad para makapasok ang inyong anak sa ilang mga paglalakbay na pang-edukasyon.

Kalimitan, ang mga magulang ay inaanyayahan ng mga guro upang samahan ang mga estudyante sa pagbibiyahe sa labas ng paaralan.

**Mga Pakikiusap sa Paglagap ng Pondo**



Oras-oras, maaari kayong makatanggap ng sulat mula sa paaralan na nakikiusap ng kontribusyon para suportahan ang mga gawain sa paaralan na hindi saklaw ng pangkaraniwang badyet. Ang donasyon ay kusang-loob.

**Kung Magkasakit ang inyong Anak sa Paaralan**



Kung ang inyong anak ay magkasakit o magkaroon ng aksidente habang nasasa paaralan, may tatawag sa inyo sa numero ng teleponong nasasa rekord ng paaralan. Kayo o di kaya'y iyong taong dapat makipag-alam sa oras ng kagipitan (emergency contact person) ay nararapat na sunduin ang bata sa lalong madaling panahon. Karamihan sa mga paaralan ay may mga kawani na may pagsasanay sa madaliang pag-gagamot (first aid). Kung ang aksidente o karamdaman ay malubha, ang paaralan ay tatawag ng ambulansya at isang miyembro ng kawani ang sasama sa inyong anak sa ospital.

**Bakuna**



Kinakailangan ng Kalusugan at Kabutihan ng Alberta (Alberta Health and Wellness) na lahat ng mga bata sa Alberta ay nabakunahan laban sa mga malulubhang sakit na dumadapo sa mga bata para makapasok sa paaralan. Kung ang inyong anak ay hindi pa nakakatanggap ng kanyang mga bakuna o di kaya'y ang rekord ng paaralan ay hindi kumpleto, makakakuha kayo ng sulat mula sa Capital Health. Ang inyong anak ay hindi papayagang pumasok sa paaralan kung hindi susunod dito.

Ang inyong anak ay dapat mabakunahan ayon sa iskedyul na inirerekomenda ng Alberta Routine Immunization Schedule.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-alam sa Departamento ng Kalusugang Pampubliko sa inyong komunidad o bisitahin ang website: **Immunization and Vaccines.**

**Pagpapanatiling tama ng mga Impormasyon tungkol sa Kontak**



Nang ang inyong anak ay inyong ipatala sa paaralan, inyong inilista ang numero ng inyong telepono sa bahay at sa trabaho ganon din ang pangalan at mga numero ng kaibigan o mga miyembro ng pamilya bilang mga kontak sa oras ng kagipitan. Ginagamit ng mga guro ang mga numerong ito para tawagan kayo tungkol sa gawaing pampaaralan ng inyong anak o sa oras ng isang kagipitan. Kung ang mga numerong ito ay nagbago, pakisabihan lamang ang paaralan.

***Tawagan ang paaralan kung:***

- *ang inyong anak ay hindi makakapasok sa anumang dahilan*
- *nagpalit kayo ng numero ng telepono o tirahan*
- *mayroon kayong tanong, iki-nababahala o mungkahi*

**Pananghalian**



Kung imposibleng kumain ang inyong anak ng pananghalian sa bahay maaari siyang mananghalian sa paaralan. Padalhan ang inyong anak ng pagkaing nakagawian na niyang kainin. Ang pananghalian ay maaaring may kasamang gatas o dyus. May mga magulang na nagpapadala rin ng meryenda. Isulat ang kanyang pangalan sa baunan o lagayan. Mangyari lamang na huwag magpapadala ng pananghaliang iiinit pa.

Pagkatapos ng pananghalian, lumalabas ang mga estudyante para maglaro hanggang sa magsimula uli ang klase sa hapon. Sila ay pamamahalaan ng mga kawani ng paaralanhabang nasasa bakuran nito.

Ilang mga paaralan sa ating distrito ay may mga espesyal na Pananghalian sa Paaralan at Programa sa Meryendang Pang-nutrisyon na tinatangkilik ng mga organisasyon sa komunidad para siguraduhing ang mga estudyante na may pangangailangan ay makakatanggap ng mainit at mga masustansyang pagkain araw-araw. Tanungin ang guro tungkol sa Hot Lunch Program sa paaralan ng inyong anak.

Ang mga espesyal at mainit na pananghalian ay itinatag sa tulong ng mga magulang na bolontir sa loob ng taon sa maraming mga paaralan ng Edmonton Catholic. Karaniwan, isang mainit na pananghalian (hot lunch) ang maaaring ihandog isang beses isang buwan. Ang mainit na pananghalian ay maaaring may kasamang hotdogs, pizza, subs at pasta, para sabihin ang ilan. Gatas, dyus at sorbetes ay ilan sa mga bagay na maaaring ihandog. Makakatanggap kayo ng pasabi tungkol sa Mainit na Pananghalian (Hot Lunch) at ng nararapat na pormularyo sa pag-order bago dumating ang araw na ito. **Igalang lamang ang itinakdang petsa at gawin ang paraang ipadala ang tamang halaga sa order ng inyong anak.**

**Mga Paaralang Libre sa Nuts**




May mga estudyante na may matinding taluhiyang sa mga nuts at lubhang magkakasakit kung makakakain o makakalanghap ng mga pagkaing mayroong nut kahit kakaunti. Para maisigurado ang kaligtasan nila, maraming mga paaralan ang sumusunod sa kalakarang "libre sa nut". Kung ang inyong paaralan ay "libre sa nuts", ipinakikiusap na huwag padalhan ang inyong anak ng anumang pagkaing may mga produktong galing sa nuts.

**Bus na Pambiyahe ng Paaralan**



Kung ang inyong anak ay nasasa espesyal na programa o kung kayo ay nakatira sa may kalayuan sa paaralan sa loob ng lugar na inyong dapat pasukan, may mga bus na maaring masakyan. Magtanong lang sa mga kawani ng opisina ng paaralan para sa impormasyon. Ang buwanang bayad ay sinisingil para sa serbisyong ito. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan: **Transportation.**

**Pamamahala sa mga Estudyante sa Loob ng Bakuran ng Paaralan**



Bago magsimula ang mga klase, isa o higit sa isang guro ang nasasa bakuran ng paaralan sa loob ng 15 minuto bago magsimula ang mga klase. Sa oras ng rises, ang inyong anak ay pinamamahalaan din sa bakuran ng paaralan. Ang mga estudyante ay hindi pinamamahalaan sa ibang oras at hindi ninyo dapat iwanan ang mga anak ninyong kabataan sa bakuran ng paaralan ng maaga sa umaga o huli matapos ang klase sa hapon. Kung ang inyong anak ay tumitigil sa paaralan sa oras ng pananghalian, ang inyong anak ay pamamahalaan ng paaralan.

**Paningin at Pandinig**



Ang mga problema sa paningin at pandinig ay maaaring makapagpahirap sa pag-aaral ng inyong anak. Lalong-lalo na sa panahon ng tag-lamig, maraming mga bata ang mayroong patuloy na mga impeksyon sa gitnang taynga na maaaring makapagpahirap sa kanila para makarinig sa klase.

Maraming mga bata ang hindi nakakaalam na sila ay mayroong problema sa paningin at pandinig at maaaring mag-isip na ang bawat isa ay nakakakita at nakakarinig katulad ng pagkakakita at pagkakarinig nila. Ang ilan sa mga bata ay humahanap ng paraan para mapaglabanan ang ganitong mga problema, subalit mas may magagawa sila kung malulunasan ang problema nila sa paningin at pandinig.

***Mga Mungkahi***

- Dalhin ang inyong anak sa magsusukat ng salamin sa mata pagsapit nila ng tatlong taon para ipasuri ang kanyang mga mata. Karaniwan, dapat ipasuri ang kanilang mga mata taon-taon.
- Ang pagsusuri sa mata ng mga batang wala pang 18 taong gulang ay sakop ng Alberta Health Care.
- Hikayatin ang inyong anak na magsuot ng salamin kung kinakailangan ito. Kung ayaw ng anak ninyong magsuot ng salamin, ipaalam sa guro at magkasama ninyong matutulungan ang inyong anak para siya ay maging kumportable.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano-anong mga serbisyo ang inihahandog ng Alberta Child Health Benefit Program, tingnan: **Alberta Child Health Benefit.**

# Pakikisangkot ng Magulang at Mabuting Komunikasyon sa Guro

## Ang Pakikisangkot Ninyo ay Tumutulong sa Pagtatagumpay ng Inyong Anak

Sa Distrito ng mga Paaralang Katoliko ng Edmonton, ang mga magulang ay hinihikayat na masigasig na makisangkot sa edukasyon ng kanilang mga anak para magkaroon ng mabuting komunikasyon sa mga guro. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang pakikisangkot ng magulang ay tumutulong sa mga bata para sila ay maging matagumpay.

Ang mabuting komunikasyon ay nagpapa-alwan sa guro para maunawaan ang inyong anak at tinutulungan kayo para maunawaan kung ano ang nangyayari sa paaralan. Tinutulungan nito ang pakikiakma sa bagong paaralang maging banayad habang maaari.

### Papaano kung Ako ay Hindi Nagsasalitao Nakakabasa ng Ingles

- Tulungan ang inyong anak na isaayos ang oras niya para gawin ang gawaing bahay.
- Kausapin ang inyong anak tungkol sa natutuhan niya sa inyong sariling wika.
- Magbasa sa inyong anak sa inyong sariling wika o sabihin sa kanyang basahan kayo.
- Isangkot ang inyong anak sa aklatan at iba pang mga mapagpayamang programa sa komunidad.
- Tanungin ang mga Liaison Workers tungkol sa mga programang maaring matagpuan.

### Pakikipag-usap sa Guro

Nalalaman ng mga guro na iyong mga magulang na nag-aaral ng Ingles ay maaaring mahirapang makipag-usap sa kanila. Pinahahalagahan nila ang pagsisikap ninyong makipag-usap sa kanila tungkol sa inyong anak.

***Mga Mungkahi***

- ♦ Itanong sa paaralan kung ang mga Liaison Workers ay maaring tumulong sa inyo sa pakikipag-usap sa guro. (Tumawag sa 780-944-2001 para hingin ang kanilang mga serbisyo.)
- ♦ Sabihin sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya (hindi bata) na samahan kayo sa paaralan o para kausapin ang guro sa telepono. Alalahaning makipag-areglo sa oras para makasiguradong ang guro ay maaaring makipag-usap sa inyo.
- ♦ Isulat ang inyong mga katanungan o mga pagkabahala at ipadala ito sa sobre sa inyong anak.

### Pag-kontak sa Guro



Tawagan ang opisina ng paaralan at mag-ayaw ng mensahe para sa guro. Ibigay sa kawani ng opisina ang inyong pangalan at numero, pangalan at grado ng inyong anak at ang pinakamagandang oras para tawagan kayo ng guro. Maaari kayong matawagan ng mga guro sa arawno iyon o sa kanilang pinakamaagang pagkakataon.

## Pagiging Kompidensyal

Lahat ng mga pagkikipag-usap sa guro ay kompidensyal. Ang guro

ay hindi magbabahagi ng mga impormasyon tungkol sa mga gawaing pampaaralan ng inyong anak sa ibang mga magulang o mga miyembro ng komunidad.




## Komunikasyon ng Paaralan sa mga Magulang

Ang paaralan ay palagiang nagbibigay ng impormasyon sa inyong anak para dalahin sa bahay, tulad ng mga pahayag sa klase at mga pangyayari sa paaralan, mga liham na nagbabalita, mga pormularyo ng pagpapahintulot para sa mga biyaheng pang-edukasyon at mga pahayag tungkol sa iba pang mga importanteng isyu.

***Mga Mungkahi***

- Ipaala-ala sa inyong anak na nais ninyong makita ang mga impormasyon mula sa paaralan.
- Sabihin sa inyong anak na i-tsek ang kanyang bag para sa mga pahayag o mga sulat mula sa paaralan. Kalimitan, ang mga bata ay nakakalimot.
- Lumikha ng isang espesyal na lugar sa inyong bahay para sa mga impormasyon mula sa paaralan.
- Ipaskil ang mga importanteng pahayag sa inyong bahay.
- Ipabalik ang mga pormularyo sa inyong anak sa lalong madaling panahon.
- Kontakin ang kawani ng opisina ng paaralan, ang guro o ang mga Liaison Workers kung kayo ay may katanungan o kinakailangang ang mga sulat o mga pormularyo ay maisalin sa inyong wika.

## Gabi ng Pakikipag-kita sa Guro (Meet the Teacher Night)

Karamihan sa mga paaralan ay nagbibigay ng pagkakataon para makita ng mga magulang ang mga guro at malaman ang tungkol sa mga programa ng paaralan. Ito ay karaniwang nangyayari sa simula ng taon ng pasukan. Ang Gabi ng Pakikipag-kita sa Guro ay hindi siyang tamang oras para makipagtalakay sa guro tungkol sa inyong anak, subalit maari kayong gumawa ng pakikipagtiyap o magbalak tumawag sa telepono sa guro kung kayo ay may ikinababahala.

**Ang Pagtatanghal ng Gabi ng Pakikipagkita sa Guro ay kaugaliang sumasaklaw sa:**

- ano ang pag-aaralan ng mga estudyante,
- mga espesyal na proyekto o mga pangya-yari sa silid-aralan,
- mga inaasahan tungkol sa mga gawaing bahay,
- ang mga nararapat na kautusan sa pag-uugali para sa mga estudyante at
- papaano ninyo matutulungan ang inyong anak sa bahay.

1. Sabihin sa guro na pahahalagahan ninyo ang isang tawag sa telepono kung siya ay may mga ikinababahala tungkol sa inyong anak o kung ang inyong anak ay may espesyal na mganagawa.
2. Maglibot sa paaralan. Bisitahin ang aklatan at ang dyim ng paaralan. Tutulong ito sa inyo para kausapin ang inyong anak tungkol sa kanilang dyim at mga ginagawa sa aklatan.

## Gawaing Bahay



Ang gawaing bahay ay isang paraan kung papaano malalaman ng mga magulang kung ano ang nangyayari sa kanilang mga anak sa paaralan. Ang dami ng gawaing bahay na nakaatas ay nakasalalay sa grado na kinaroroonan ng inyong anak. Lahat ng mga estudyante ay inaasahang magbasa gabi-gabi. Ipaliliwanag ng guro ng anak ninyo ang mga dapat asahan sa kanyang mga gawaing bahay.

***Mga Mungkahi***

- Magtayo ng isang kumportableng lugar para sa pag-aaral ng inyong anak na libre sa mga pang-abala tulad ng TV o iba pang mga ingay. Magbigay ng mga panulat, lapis, pambura, papel at diksyunaryo.
- Magtatag ng palagiang oras para sa gawaing bahay at tulungan ang inyong anak na magplano sa kanyang gawain.
- Tanungin ang inyong anak tungkol sa mga gawaing bahay at kung siya ay tapos na, talakayin ang mga nakaatas na gawain.
- Palakasin ang loob ng inyong anak kung siya ay nahihirapan at palagiang purihin siya sa kanyang mga pagsisikap. Tutulungan nito ang inyong anak na magkaroon ng tiwala sa kanyang sarili.
- Kung ang gawaing bahay ay napakahirap, napakahaba, o napakaalwan, kontakin ang guro.
- Kausapin palagi ang inyong anak tungkol sa gawain sa paaralan. Kahit na hindi ninyo totoong kabisado ang paksa, maaari pa rin kayong maging isang interesadong taga-pakinig.



### Kung ang inyong Anak ay walang Gawaing Bahay

- Sabihin sa inyong anak na ipakita sa inyo kung ano ang ginawa niya sa araw na iyon.
- Bumasa sa inyong anak o sabihin sa kanyang bumasa sa inyo.
- Hikayatin ang inyong anak na gumawa ng palaisipan o maglaro ng isang larong nangangailangan ng pag-iisip at pagsasalita.
- Kausapin ang guro kung ang inyong anak ay paulit-ulit na walang gawaing bahay.

## Paglutas sa Mga Problema

Kausapin ang guro ng inyong anak kung kayo ay may mungkahi o ikinababahala tungkol sa inyong anak. Kung ang inyong anak ay mayroong hindi pagkakasundo sa ibang bata, kausapin ang guro.

Kung maaari, hinihikayat at tinutulungan ng paaralan ang mga estudyante na lutasin ang kanilang mga problema, subalit mayroong mga pagkakataon na kinakailangang makilahok ang mga magulang.



### Tulungan ang Inyong Anak na Lutasin ang Mga Problema nang Nag-iisa

Hikayatin ang inyong anak na kausapin ang guro tungkol sa problema.

Tulungan ang inyong anak na magsanay na ipaliwanag ang problema.

Ipaala-ala sa inyong anak na hindi pinapayagan ng mga kautusan ng paaralan ang pakikipag-away o mga masasamang salita para malutas ang mga problema.

Isiguro sa inyong anak ang inyong pakikisangkot kung ang problema ay hindi malulutas

### *Mga Mungkahi*

- Magtanong sa inyong anak para matulungan kayong makakuha ng impormasyon.
- Ipaliwanag sa guro kung ano ang sinabi ng inyong anak sa inyo at kung ano ang nararamdaman niya. Sabihin sa guro kung ano ang inyong ginawa para matulungan ang inyong anak na malutas ang problema.
- Makinig sa kuro-kuro ng guro at itanong sa kanya kung ano ang gagawin niya sa paaralan. Tingnan kung maari itong gawi sa bahay.
- Gumawa ng isang plano kung ano ang gagawin ninyo at ng guro nang sa gayon ay magkaparehong mensahe ang makukuha ng inyong anak mula sa inyo at sa guro.
- Magkasundong mag-usap muli para malaman kung ang solusyon ay naging kapaki-pakinabang.



# Mga Panayam ng Magulang at Guro

## Ano ang Nangyayari sa Panayam ng Magulang at Guro?




Ang mga panayam ng magulang at guro ay karaniwang ginagawa dalawang beses isang taon, sa Nobyembre at sa Marso. Dadalhin ng inyong anak ang pahayag tungkol sa panayam.

Ang mga panayam ng magulang at guro ay mga pagpupulong sa pag-itan ng mga magulang at mga guro tungkol sa kung ano ang makakagaling para sa bata. Ito ay isang napakagandang pagkakataon para sa magulang at guro na talakayin kung ano ang gagawin ng bawat isa para matulungan ang batang magtagumpay sa paaralan. Ang panayam ay tumatagal ng 10 hanggang 15 minuto.

Sa panayam, maaaring ipaliwanag ng guro ang impormasyon na nasasa report kard at sabihin niya ang tungkol sa kung ano ang ginagawa niya para tulungan ang inyong anak. Ipakikita ng guro kung ano ang natutuhan ng inyong anak sa pamamagitan ng pagpapakita sa inyo ng mga sampol ng mga ginawa niya mula sa simula ng panahon ng pag-uulat at paghahambing nito sa mga ginawa niya sa bandang huli. Ang guro ay maaaring magmungkahi kung papaano ninyo matutulungan ang inyong anak.

Hinihikayat ng mga guro ang mga estudyante na dumalo sa panayam para pag-usapan ang tungkol sa kanilang gawain. Kung mayroong mga isyu na nais ninyong talakayin nang wala ang inyong anak, magkaroon ng panibagong panayam sa guro.

### Kalimitang itinatanong ng mga Magulang sa Guro:

- Papaano ang aking anak umuunlad sa kanyang pag-aaral ng Ingles?
- Sa mga ano-anong mga asignatura nag-aaral ang aking anak ng regular na kurikulum para sa kanyang grado?
- Saan-saang mga asignatura ang aking anak tumatanggap ng ekstrang suporta? Anong klaseng suporta?
- Gaano kahaba ang oras na dapat gamitin ng aking anak sa gawaing bahay?
- Papaano nakikisalamuha ang aking anak sa ibang mga estudyante?



## Pagpapakita ng Mga Natutuhan

Ang ilan sa mga paaralan ay mayroong Pagpapakita ng mga Natutuhan imbes na mga Panayam ng mga Magulang at Guro. Ang Pagpapakita ng mga Natutuhan ay isang pagkakataon para sa mga estudyante na ibahagi sa kanilang mga magulang ang kanilang natutuhan sa paaralan sa huling panahon ng pag-uulat sa pamamagitan ng mga maikling pagsusulit, ekasamen, takdang aralin, mga porpolyo, at mga espesyal na proyekto. Ito ay isa ring pagkakataon para sa mga estudyante at mga magulang para konsultahin ang mga guro. Lahat ng mga magulang ay hinihikayat na ipagdiwang ang tagumpay ng kanilang mga anak.

***Mga Mungkahi***

- Kausapin ang inyong anak bago ang panayam para malaman kung ano ang nagugustuhan niya tungkol sa paaralan at kung ano ang mahirap para sa kanya.
- Limiin ang mga bagay na gusto ninyong itanong sa guro. Magsulat ng mga nota para matulungan kayong matandaan ang inyong mga katanungan.
- Tingnan kung ang mga Liaison Workers ay maaaring tawagan, kung kinakailangan ninyo. Kung sila ay hindi pwede sa pagkakataong iyon, magdala ng isang kaibigan o miyembro ng pamilya (hindi bata) bilang tagasalin sa wika.
- Ang mga panayam ay karaniwang nakatakda pagkaka 10 o 15 minuto. Siguraduhing kayo ay naroroon nang mas maaga ng mga 5 minuto para magkaroon kayo ng sapat na oras kasama ang guro.
- Paminsan-minsan, kinakailangan ng mga magulang at mga guro na magpulong muli o mag-usap sa telepono para maituloy ang kanilang pagpupulong. Kayo o ang guro ay maaaring magmungkahi ng ibang panahon para sa pagtutuloy.
- Pagkatapos, talakayin ang panayam sa inyong anak. Ipagdiinan ang mga magagandang bagay na nasaklaw at maging partikular sa mga ikinababahala. Ipaliwanag ang ano mang mga plano na naisaayos.
- Patuloy na makipag-ugnayan sa guro kahit na ang lahat ng mga bagay ay nasasa ayos. Nagbibigay ito ng isang positibong mensahe sa inyong anak.

## Pagpapakita sa Paaralan (School Open House)



Ang mga paaralan ay nagkakaroon ng mga espesyal na pagdiriwang na tinatawag na Pagpapakita sa Paaralan (Open House). Sa mga pagdiriwang na ito, magkakaroon kayo ng pagkakataon para maglibot sa paaralan, lubusang makita ang mga partikular na programa nito makita ang mga kawani, mga estudyante, at iba pang mga miyembro ng komunidad. Sa panahon ng Pagpapakita ng Paaralan ang mga guro ay naroroon para talakayin ang kanilang kurikulum at mga programa sa silid-aralan. Ang layunin ng Pagpapakita ng Paaralan ay para ipagbigay-alam sa mga magulang ang tungkol sa kanilang mga isasaalang-alang sa pagpili ng isang paaralan.

Ang mga Pagpapakita ng Paaralan ay karaniwang nangyayari sa buwan ng Pebrero, Marso at Abril. Maaari kayong pasabihan tungkol sa mga pagdiriwang na ito sa pamamagitan ng mga liham na nagbabalita mula sa paaralan o mga liham na ipinadadala sa bahay. Ang pagpunta sa mga Pagpapakita ng Paaralan ay lalong makabubuti kung ang inyong anak ay manggagaling sa mababang paaralan papunta sa dyunyor o manggagaling sa dyunyor na papunta sa sinyor ng mataas na paaralan.

# Pakikisangkot sa Paaralan ng Inyong Anak

## Pagbobolontir

Hinihikayat ng mga paaralan ang mga magulang na magbolontir para sa mga gawain sa paaralan. Nagbobolontir sila para sumama sa mga estudyante sa mga biyaheng pang-edukasyon, magtrabaho sa aklatan, makinig sa pagbabasa ng mga bata at sa iba pang mga mahahalagang paraan. Magmungkahi sa mga guro ng mga pangalan ng aklat, mga pahayagan, magasin o mga bidyo sa inyong wika o tungkol sa inyong kultura. Makipag-usap sa guro kung ano ang nararapat sa silid-aralan o sa aklatan ng paaralan.

Makipag-usap sa guro ng inyong anak tungkol sa pagbobolontir sa paaralan.

## Mga Pagpupulong at mga Pagdiriwang sa Paaralan

Ang mga paaralan ay maaaring bumuo ng mga espesyal na pagdiriwang tulad ng mga pagtatanghal ng mga estudyante at mga pagdiriwang ng iba't–ibang kultura (multicultural fairs).

Oras-oras, ang mga paaralan ay bumubuo ng mga pagpapakita ng mga isyung may kinalaman sa paaralan katulad ng karunungan, matematika at kung papaano matutulungan ang inyong anak maging matagumpay. Ang mga pagdiriwang na ito ay magandang paraan para makasama ninyo ang inyong anak at malaman ang maraming bagay tungkol sa paaralan.

## Konseho ng Paaralan

Ang pakikipag-ugnayan ng mga magulang ay palagiang tinatanggap saan mang Paaralan ng Edmonton Catholic. Sa isang pormal na pamamaraan, hinihikayat ang mga magulang na makibahagi sa mga kaganapan sa pamamagitan ng Konseho ng Paaralan.

Bawat isang paaralan ay may binuong Konseho ng Paaralan na nagsisilbi sa isang kapasidad na tagapayo sa punong guro ng paaralan at sa Lupon ng MgaTagapamahala.
Ang Konseho ng Paaralan ay nagbibigay ng mga ideya at opinyon para matulungan ang punong guro ng paaralan sa paggawa ng mga desisyon.

Ang Lupon ng Mga Tagapamahala ay palagiang nakikipagpulong sa mga Kosenyho ng Paaralan para repasuhin at talakayin ang mga pagkabahala at mga pang-hinaharap na direksyon ng distrito. Ilan sa mga karaniwang gawain ng konseho ng paaralan ay maaaring magsama sa pagbuo ng misyon ng paaralan, itaguyod ang paaralan sa komunidad, alamin ang mga gawaing ekstra kurilkular na maaaring ihandog sa paaralan at pagtatalaga ng mga oras ng labasan. Magtanong sa tanggapan ng paaralan para maibigay sa inyo ang pangalan at numero ng telepono ng namumuno ng Konseho ng Paaralan.

***Mga Mungkahi***

- Hingin sa opisina ng paaralan ang pangalan at numero ng telepono ng pangulo ng Konseho ng Paaralan.
- Kontakin ang pangulo ng Konseho para talakayin kung papaano ninyo nais na makisangkot sa konseho.
- Dumalo sa mga pagpupulong ng Konseho ng Paaralan para malaman kung papaano sila nagtratrabaho, magtanong, magmungkahi o magbigay ng inyong mga kuro-kuro sa mga bagay na kawili-wili para sa inyo tungkol sa paaralan.
- Makipag-usap sa pangulo o mga miyembro ng Konseho kung papaano matutulungan ang mga kawani ng paaralan at mga magulang na lalong malaman

ang tungkol sa inyong komunidad at ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral ng Ingles.

- Lumikha ng paraan para ipaalam sa ibang mga magulang ang tungkol sa mga pagtatanghal sa paaralan at para tanggapin ang mga bagong dating na pamilya

## Mga Panlalawigang Pagsusulit sa mga Nagawa



Sinusulit ng Alberta Education ang lahat ng mga bata sa mga buod na asignatura sa ika - 6 at 9 na grado para siguraduhing napapapanatili ng ating sistema ng edukasyon ang mataas na pamantayan. Sumusulat ang mga bata ng panlalawigang mga pagsusulit sa mga nakuha nila sa Mayo at Hunyo. Magpapadala ng sulat sa bahay ang paaralan na naglalaman ng mga eksaktong petsa.

Ang mga pagsusulit ay base sa Kurikulum ng Alberta at ito ay ginawa para makapagbigay ng impormasyon tungkol sa kung papaano ang mga estudyante sa buong lalawigan ay natututong magbasa, magsulat at makaunawa ng Ingles at matuto ng Matematika, Araling Panlipunan at Agham.

Ang mga resulta ng Panlalawigang Pagsusulit ay hindi nakatala sa report kard o ginagamit sa mga pag-aaplay sa kolehiyo o unibersidad. Ang mga resulta ay hindi rin ginagamit para sukatin ang magiging kinabukasan ng inyong anak.

### Papaano Matutulungan ng mga Magulang ang kanilang mga anak para maghanda para sa mga pagsusulit?

"Ang isang paraan para matulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak ay palaguin ang kanilang kakayahan sa pagbabasa. Marami sa mga kakayahan na tumutulong sa mga mag-aaral na maging mabuti sa mga pagsusulit ay kakayahan sa pagbasa at mga kaalaman na ginagamit sa lahat ng larangan ng pag-aaral".

*Parent Guide to Provincial Achievement*
*Alberta Learning*

Bawat paaralan at mga awtoridad ng paaralan ay tumatanggap ng detalyeng pag-uulat ng kanyang mga resulta. Tumatanggap din ito ng Pang-isahang Balangkas ng Estudyante (Individual Student Profile) ng bawat estudyante: ang isa ay para sa rekord niya at ang isa ay para sa kanyang mga magulang. Sa ibang mga kaso, kung ang inyong anak ay kararating lamang sa Canada at bago lamang natututo ng Ingles, siya ay maaaring malibre sa pagkuha ng pagsusulit. Lahat ng mga mag-aaral ng ESL ay binibigyan ng ekstrang oras para matapos ito. Maaari kayong hingian ng nasusulat na pahintulot para ang inyong anak ay malibre sa pagkuha ng Mga Panlalawigang Pagsusulit Para Sa mga Nakamit (Provincial Achievement Tests).



Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Alberta Education web site:
**Provincial Achievement Tests (PAT).**

## Paghahanda Para sa Mataas na Paaralan para sa mga Dyunyor



Ang paglipat mula sa mababang paaralan patungo sa mataas na paaralang dyunyor (junior high) ay napakahirap. Matapos ang ilang taon sa isang kilala at matiwasay na kapaligiran, ang mga estudyante ay magsisimulang muli. Ito ay maaaring nakakatakot at nakakabiglang karanasan para sa kanila. Maaari din itong maging isang kapana-panabik at bagong pakikibaka. Imbes na tinuturuan ng iisang guro sa mababang paaralan, ang mga estudyante ay magkakaroon ng ibang guro sa bawat isang asignatura. Dapat nilang malaman kung ano-ano ang mga inaasahan ng bawat isa sa kanila.

Ang panahong ito ay maaari ding maging mapaghamon sa mga magulang. Ito ang panahon kung kailan ang inyong anak ay nakakaranas ng mga pagbabago sa kanyang katawan. Ang mga estudyante ay maaaring maging balisa at lito. Ang mga kabataan ay nagsisimulang magkaroon ng mahabang oras sa kanilang mga kaibigan kaysa sa kanilang mga pamilya.


Matutulungan ninyong maging mas lalong banayad ang pagbabagong ito sa pamamag-itan ng mas lubos na pakikisangkot sa paaralan ng inyong anak, papanatilihing bukas ang komunikasyon ninyong dalawa at sa pagiging kalmado ninyo.

**Ang mga Magulang ng mga Mag-aaral ng Ingles ay Malimit na Nagtatanong**

- Mayroon bang programa ng ESL sa malapit na mataas na paaralan para sa mga dyunyor?
- Mayroon bang mga espesyal na programa o mga kurso kung saan magiging interesado ang aking anak?
- Papaano maibibigay ng mataas na paaralan para sa mga dyunyor ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral ng Ingles?

### *Mga Mungkahi*

- ♦ May mga paaralan na may mga tagapayo (counselors) na tutulong sa inyong anak sa panahon ng pagbabago mula sa mababang paaralan patungo sa mataas na paaralan para sa mga dyunyor at sisiguraduhing ang pagbabagong ito ay magiging banayad hangga’t maaari.
- ♦ Pumunta sa mga Pagpapakita ng Paaralan (Open Houses) sa malapit na mataas na paaralan para sa mga dyunyor para malaman ang mga ito.
- ♦ Sabihin sa isang Liaison Worker na samahan kayo sa araw ng Pagpapakita ng Paaralan. Sila ay maaaring makapagbigay sa inyo ng mga mahahalagang paliwanag tungkol sa mga programa at mga bagay na dapat asahan ng inyong anak ngayon.
- ♦ Kilalanin ang mga kaibigan ng inyong anak, ganon din ang kanilang mga pamilya. Papuntahin ang mga bagong kaibigan sa inyong bahay para kayo ay magkakila - kilala.



## Mga Makakatulong na Ugnayan

Kung kayo ay bagong imigrante, kayo ay maaaring mangailangan ng suporta sa pagtira sa Alberta. Mayroong mga iba't-ibang ahensya sa paninirahan na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga bagong imigrante sa ating probinsya. Nakalista sa ibaba ay ang mga web sites na maaaring makapagbigay sa inyo ng mga impormasyon tungkol sa komunidad, kalusugan, mga serbisyong sosyal at mga serbisyo at ahensya ng gobyerno na nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga bagong dating.

Ang mga Liaison Workers ay palaging naririto para tulungan kayong makipag-ugnayan sa mga ahensyang lokal, pang-gobyerno at pang-komunidad gayon din sa mga ahensya sa komunidad na inyong pinagmulan. Sa loob ng maraming taon nilang karanasan sa pagsiisilbi sa mga bagong dating, nakabuo sila ng mga manwal na gigiya sa inyong pag-aaral sa Edmonton Catholic Schools gayon din sa bago ninyong buhay sa Canada. Maaari ninyo itong makita sa website ng Edmonton Catholic School sa ilalim ng www.ecsd.net – **New to Canada.**

**Government of Alberta and the City of Edmonton Links for Newcomers**

**Immigration, Refugee and Citizenship Canada (IRCC)**
**Moving to Alberta**
**Welcome to Alberta - Information for Newcomers**
**City of Edmonton - New Resident Programs**

**Immigrant Serving Agencies in Edmonton**

**Catholic Social Services**
**Edmonton Mennonite Centre for Newcomers**
**Edmonton Immigrant Service Association - EISA ASSIST Community Services Centre**



**ONE WORLD…ONE CENTRE**
**9405 – 50 Street NW**
**Edmonton, AB T5G 1R7**
**Phone: 780-441-6060**